



Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Salah



*The Cooperative Offices for Call & Guidance at Al-Badiyah & Industrial Area
Under the Supervision of the Ministry of Islamic Affairs Endowment Guidance & Propagation
P.O. Box: 24932 Riyadh 11456 - K.S.A. (Al-Badiyah) Tel.: 4330888 (Four Lines)
(Industrial Area) Tel.: 4303572 - Fax: 4301122*

فتاوى مهمة تتعلق بالصلة
 من أجروبة مفتى المملكة العربية السعودية
 سماحة الشيخ: عبدالعزيز بن عبدالله بن باز
 حفظه الله

الطبعة الأولى

١٤١٦ هـ.

ح شعبة توعية الجاليات ، ١٤١٥ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

أبن باز، عبدالعزيز بن عبدالله	فتاوى الصلاة / ترجمة شعبة توعية الجاليات بالزلفي	١٢ × ١٧ سم
		ردمك ٥ - ٠٤ - ٨١٣ - ٩٩٦
	(النص باللغة الفلبينية)	
١. العنوان	٢. الفتاوى الشرعية	١. الصلاة
١٥/٣٠٩		٢٥٢٠٢ ديني

رقم الاريداع : ١٥/٣٠٩
 ردمك: ٥ - ٠٤ - ٨١٣ - ٩٩٦

Talasalitaan

Kapag may mga salitang Arabik na di-maunawaan ang kahulugan ay mangyaring sumangguni lamang sa Talasalitaan na ito.

da`eef: Hadeeth na hindi mapananaligan kaya hindi dapat gamitin na patunay

dhikr: Pangungusap o katagang Arabik na ginagamit sa paggugunita kay Allah

du`a: Panalangin sa wikang Arabik na itinuro ng Propeta (SAS) o hinango sa Qur'an; personal na panalangin sa anumang wika

fard: Tungkuling dapat gawin; obligadong gawain o pagsaamab

Hadeeth: Ulat tungkol sa kung ano ang sinabi, ginawa, at sinangayunan ng Propeta (SAS).

imam: Taong namumuno sa pagsasagawa ng *salah*

jama`ah: Grupo o pangkat ng mga taong sama-samang nagsasagawa ng *salah*. Ang *jama`ah* ay binubuo ng 2 tao o higit pa.

ma'moom: Taong pinamumunuhan ng *imam sa salah*

masbooq: Taong nahuli sa paglahok sa *salah* sa *jama`ah*.

makrooh: Hindi kanais-kanais ngunit hindi naman ipinagbabawal

muftarid: Taong nagsasagawa ng *salah* na *fard*

munfarid: Taong mag-isang nagsasagawa ng *salah*

musafir: Manlalakbay. *Musafir* ang tawag sa taong lumabas sa kanyang bayan at pumunta sa isang lugar na ang layo mula sa kanyang sariling bayan ay hindi bababa sa 80 Kilometro.

mustahabb: Kanais-nais ngunit hindi *fard*

mutanaffil: Taong nagsasagawa ng *salah* na hindi *fard*

neeyah: Layunin o hangaring gawin ang isang bagay

rak`ah: Yunit ng *salah*

sahabah: Mga taong nakakita at naniwala kay Propeta Muhammad (SAS) at namatay na mga Muslim. Ang kanilang sinabi o ginawa ay magagamit na batayan sa *Sharee`ah*.

saheeh: *Hadeeth* na napatuunayang totoo o sinabi ng Propeta (SAS) kaya ginagamit na patunay upang katigan ang isang hatol.

Saheehayn: Dalawang aklat ng *Hadeeth*: Ang *Saheeh Al-Bukharee* at ang *Saheeh Muslim*

Sharee`ah: Batas ng Islam

sunnah: Anumang itinatagubiling gawain sapagkat ito ay alinsunod sa ginawa ng Propeta (SAS)

tasleem: Pagsabi ng *assallaamu `alaykum wa rahmatullaah* habang lumilingon sa kanan at ang pagsabi uli nito habang lumilingon naman sa kaliwa.

tawaf: Pag-ikot nang pitong beses sa Ka`bah. Ito ay isa sa mga rituwal ng *hajj* at *umrah*

SAS: *Sallallaahu `Alayhi wa Sallam* (Ang biyaya at pagbati ni Allah ay sumakanya). Ito ay binibigkas sa tuwing binabanggit ang pangalan o mga titulo ni Propeta Muhammad bilang paggalang sa kanya.

RA: *Radiyallaahu `Anhu* (Kalugdan siya ni Allah). Ito ay binibigkas sa tuwing binabanggit ang pangalan o titulo ng isang anghel at ng lalaking kasamahan ni Propeta Muhammad (SAS) bilang paggalang sa kaniya. *Radiyallaahu `Anhaa* naman ang binibigkas kung ang tinutukoy ay ang asawa ni Propeta Muhammad (SAS) o ang babaeng kasamahan niya.

1. May mga taong nagsasagawa ng *salah* na *fard* ngunit walang ano mang nakatakip sa kanilang mga balikat at iyon ay lalong-lalo na sa panahon ng *hajj* (o *'umrah*) habang nasa sandali ng *ihram*.* ano po ang hatol doon?

Sagot: Kung hindi niya magawang takpan, wala siyang kasalanan ayon sa sabi ni Allah: "*Katakutan ninyo si Allah sa abot ng inyong makakaya.*" (64:16) at ayon din sa sabi ng Propeta (SAS) kay Jabir bin 'Abdullah (RA): "**Kung malapad ang tela, balutin mo (ang buong katawan); at kung hindi malapad, ipantapis mo na lamang.**" Kung magagawa namang takpan ang dalawang balikat o kahit ang isang balikat, kailangang takpan ang dalawa o isang balikat ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas ng Islam. Kung hinayaang walang takip ang balikat, hindi tanggap ang *salah* ayon sa sabi ng Propeta (SAS): "**Walang sinuman sa inyo ang magsasagawa ng salah nang nakatapis nga ngunit wala namang anumang nakapatong sa balikat.**" Si Allah ang tagapagpatnubay.

2. Ano po ang hatol kapag nalamang ang isinagawang *salah* ay hindi pala nakaharap sa *qiblah* sa kabilang lahat ng pagsisikap na alamin ang *qiblah*? Mayroon po bang pagkakaiba kung ang pangyayaring ito ay naganap sa lugar ng mga Muslim o sa lugar ng mga di-Muslim o sa isang ilang na lugar?

Sagot: Kung naganap ito habang ang isang Muslim ay naglalakbay o nasa bayang hindi madaling makakita roon ng isang taong makapagtuturo kung nasaan ang *qiblah*, ang kanyang *salah* ay tanggap kapag talagang nagsikap siyang hanapin ang *qiblah* ngunit bandang huli ay napag-alaman niya matapos magsasagawa

*Ang *ihram* ay isa sa mga rituwal ng *hajj* at *'umrah*.

ng *salah* hindi pala siya nakaharap sa *qiblah*. Subalit kung siya ay nasa lugar ng mga Muslim, ang *salah* niya ay hindi tanggap (kung hindi nakaharap sa *qiblah*) sapagkat maaari siyang makapagtanong sa isang taong makapagtuturo sa kanya kung nasaan ang *qiblah* at maaari rin niyang malaman ito sa pamamagitan ng mga Masjid.

3. Naririnig namin na binibigkas ng maraming mga tao ang *neeyah* kapag nagsisimulang magsagawa ng *salah*; ano po ang hatol dito?

Sagot: Ang pagbigkas ng *neeyah* ay walang batayan sa *Sharee'ah*. At walang ulat mula sa Propeta (SAS) ni sa kanyang mga *sahabah* (RA) na ang *neeyah* ay binibigkas kapag nagsisimulang magsagawa ng *salah*. Sa halip, ang *neeyah* ay isinasapuso ayon na rin sa sinabi ng Propeta (SAS): "Ang halaga ng mga gawa ay nakabatay sa layunin (*neeyah*) at ang bawat tao ay gagantimpalaan ayon sa kanyang nilayon."

4. Nakikita namin na may mga taong nagsisiksikan upang makapagsagawa ng *salah* sa loob ng *Hijr Isma'eel*.* Ano po ang hatol sa pagsasagawa ng *salah* dito? At mayroon po ba itong kalamangan (sa ibang *salah*)?

Sagot: Ang pagsasagawa ng *salah* sa loob ng *Hijr Isma'eel* ay *mustahabb* (kanais-nais ngunit hindi kailangan o tungkuling isagawa) sapagkat ito ay bahagi ng Ka'bah. Sa Hadeeth na isinalaysay ni Ibnu 'Umar tungkol sa Propeta (SAS) ay nabanggit na pumasok siya (SAS) sa Ka'bah noong taong masakop ang Makkah at nagsagawa ng dalawang *rak'ah* na *salah* sa loob nito. Nasasaad din sa Hadeeth na sinabi niya (SAS) kay A'ishah (RA)

*Ang *Hijr Isma'eel* ay ang bahagi ng Ka'bah na hindi nasakop ng dingding nito.

(ang kanyang maybahay) nang nais nitong pumasok sa Ka'bah: "Magsagawa ka ng *salah* sa loob ng *Hijr Isma'eel* sapagkat ito ay bahagi ng Ka'bah."

Tungkol naman sa *salah* na *fard*, mas mainam na hindi ito isagawa sa loob ng Ka'bah o *Hijr Isma'eel* sapagkat hindi ginawa iyon ng Propeta (SAS) at sapagkat may mga pantas ng Islam na nagsabing: "Hindi karapat-dapat na magsagawa ng *salah* na *fard* sa loob ng Ka'bah o sa loob ng *Hijr Isma'eel* sapagkat ito ay bahagi ng Ka'bah." Dahil dito, nalalaman na ang wasto ay ang isagawa ang *salah* na *fard* sa labas ng Ka'bah at sa labas ng *Hijr Isma'eel* upang masunod ang halimbawa ng Propeta (SAS) at maiwasan na masalungat ang mga pantas ng Islam na nagsasabing hindi tama ang pagsasagawa ng *salah* na *fard* sa loob ng Ka'bah at *Hijr Isma'eel*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

5. May mga kababaihang hindi nalalaman ang ipinagkaiba ng regla sa *istihadah*,* kaya kapag nagpatuloy ang paglabas ng dugo (sanhi ng *istihadah*) humihinto sila sa pagsasagawa ng *salah* sa loob ng panahon na patuloy ang paglabas ng dugo (ng *istihadah*).

Sagot: Ang regla ay dugong itinakda ni Allah na lumabas sa mga kababaihan. Kadalasan itong lumalabas buwan-buwan. Nabanggit ito sa Hadeeth ng Propeta (SAS).

Ang babaeng may *istihadah* ay may tatlong kalagayan:

1. Na siya ay wala talagang regular na *period* simula nang siya ay magkaregla; kaya buwan-buwan ay (may mga araw na) hindi siya magsasagawa ng *salah* o pag-aayuno (kung buwan ng Ramadan) hangga't may nakikita siyang dugo. At hindi rin ipinahihintulot sa

* Ang *istihadah* ay ang patuloy na pagdurugo na hindi na talaga humihinto o kung humihipto man ay sa loob lamang ng maikling panahon gaya ng isa o dalawang araw sa isang buwan. Iba ito sa regla.

kanyang asawa na makipagtalik sa kanya hangga't hindi tumitigil ang paglabas ng dugo. Ituturing na regla ang pagdurugo kung tumatagal ng 15 araw o mas mababa pa ayon sa pahayag ng nakararaming mga pantas ng Islam. Kung nagpatuloy ang pagdurugo sa loob ng mahigit sa 15 araw, siya ay may *istihadah*. Aalamin niya kung ilang araw ang *period* ng karamihan sa mga malalapit niyang mga kamag-anak; kaya kung halimbawang 6 o 7 araw ang *period* ng marami sa kanila, ituturing niya ang kanyang sarili na nagrereglia ng 6 o 7 araw. Ito ang gagawin niya kapag hindi niya malaman ang ipinagkaiba ng dugo ng regla sa dugo ng *istihadah*.

2. Na nakikilala niya (ang ipinagkaiba ng regla sa *istihadah*); kaya hihinto siya sa pagsasagawa ng *salah* at pag-aayuno (kung buwan ng Ramadan), at sa pakikipagtalik sa kanyang asawa sa loob ng mga araw na lumalabas ng dugong kilalang (regla) dahil sa kaitiman ng kulay at kakaibang amoy. (Kapag nawala na ang kaitiman at kakaibang amoy ng dugo) ay maliligo siya at saka magsagawa ng *salah*.* (Ituturing na regla ang dugong may kaitiman ang kulay at may kakaibang amoy) sa kondisyon hindi lalampas sa 15 araw ang paglabas niyon.

3. Na dati ay may regular siyang *period* (halimbawa'y 6 o 7 araw buwan-buwan tuwing umpsa o kalagitnaan o katapanan ng buwan bago pa man siya nagkaroon ng *istihadah*); kaya kapag dumating na ang kanyang *period* ay hihinto siya sa pagsasagawa ng *salah* o pag-aayuno. At kapag natapos na ang *period* na iyon ay saka siya maligo. Maaari na siyang magsagawa ng *salah* ngunit kailangang magsagawa siya ng *wudu'* sa bawat *salah* hangga't may dugong

*Kahit may dugong lumalabas dahil ang dugong ito ay *istihadah* at ang babaeng nilalabasan ng dugong sanhi ng *istihadah* ay maaaring magsagawa ng mga gawaing panrelihiyon at makipagtalik sa asawa.

lumalabas sanhi ng *istihadah*. Sa sandaling ito ay maaari na rin siyang makipagtalik (kahit may dugo pang lumalabas na sanhi ng *istihadah*) hanggang hindi dumarating muli ang kanyang period para sa kasunod na buwan. Ito ang buod ng mga Hadeeth ng Propeta (SAS) hinggil sa babaeng may *istihadah*.

6. Kapag may *salah* na nakaligtaang isagawa ang isang tao gaya halimbawa ng *salah* sa *dhuhr* at naalaala lamang iyon nang nasimulan nang isagawa ang *salah* sa *'asr*, sasabay ba siya sa *jama'ah* na ang *neeyah* ay ang magsagawa ng *salah* sa *'asr* o ang *neeyah* ay ang magsagawa ng *salah* sa *dhuhr*? O isasagawa ba niya muna ang *dhuhr* at saka isasagawa ang *'asr*?

Sagot: Ang nararapat para sa sinumang napaalalahan sa katanungang ito ay ang magsagawa ng *salah* -- na ang *neeyah* ay ang magsagawa ng *salah* para sa *dhuhr* -- kasama ng *jama'ah* na ang isinasagawang *salah* sa oras na iyon ay *'asr*. Pagkatapos nito ay saka niya isagawa ang *'asr* upang mapanatili ang pagkasunod-sunod ng mga *salah*. Hindi naaalis ang obligasyong kailangang sunod-sunod ang pagsagawa ng *salah* dahil lamang sa pangambang hindi makasabay sa *jama'ah*.

7. Maraming mga babae ang walang ingat sa pagsagawa ng *salah*. Lumilitaw ang braso o bahagi nito at pati na rin ang paa at baka pati pa ang binti. Kaya ang tanong, tanggap po ba ang kanilang *salah*?

Sagot: Tungkulin ng nasa wastong gulang* na babaeng Muslim

* Ang isang Muslim ay nasa wastong gulang na kapag naganap ang alinman sa mga sumusunod: 1) Kapag naging 15 taong gulang na, 2) Kapag tinubuan na ng mga buhok sa maselang bahagi ng katawan, 3) Kapag nilabasan ng punlay sa panaginip (*wet dream*) o sa ano pa mang paraan, 5) Kapag ang babae ay may regla na.

at may wastong pag-iisip na balutin ang kanyang buong katawan kapag nagsasagawa ng *salah* maliban sa kanyang mukha at palad. Kaya kung ang isang babae ay nagsasagawa ng *salah* habang nakalitaw ang kanyang binti o paa o buhok o bahagi ng buhok, ang kanyang *salah* ay hindi tanggap ayon sa sinabi ng Propeta (SAS):

"Hindi tatanggapin ni Allah ang *salah* ng babaeng dinatnan na ng regla kung hindi natatakpan ang kanyang katawan." Ang ibig sabihin ng "babaeng dinatnan na ng regla" ay babaeng nasa wastong gulang na. Kung may lalaking hindi kaanu-ano ng babae na nakakikita sa kanya, kailangang takpan din niya ang kanyang mukha at kamay.

8. Kapag huminto ang regla ng isang babae sa oras ng *'asr* o *'isha'*, pagsasamahin* ba niya ang *dhuhr* at *'asr* o ang *maghrib* at ang *'isha'* yaman din lamang na ang mga *salah* na ito ay naipagsasama?

Sagot: Kapag huminto ang regla ng isang babae** o ang kanyang *nifas**** sa oras ng *'asr*, kailangan niya ring isagawa ang *salah* sa *dhuhr* kasama ng *salah* sa *'asr* ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas ng Islam sapagkat ang oras ng dalawang *salah* na ito ay iisa para sa taong may dahilang ipagsama ang mga *salah* tulad halimbawa ng may-karamdaman at naglalakbay. Ang

* Ang pagsasama ng *salah* ay ganito: isinasagawa muna ang *salah* sa *dhuhr* bago ang *salah* *'asr* sa oras ng alin man sa dalawang *salah* na ito at ang *salah* sa *maghrib* bago ang *salah* sa *'isha'* sa oras ng alin man sa dalawang nabnggit na *salah*.

** Kapag huminto ang regla ng isang babae ay kailangang maligo siya sa lalong madaling panahon bago magsagawa ng *salah* o makipagtalik sa asawa.

*** Ang *nifas* ay ang dugong inilalabas ng sinapupunan bago o habang o matapos magsilang hanggang sa ika-40 araw matapos magsilang. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa *nifas*, mangyari po lamang na sumangguni sa ating aklat na pinamagatang: *Isang Aklat Para sa Babaeng Muslim*.

babaeng katatapos lamang huminto ang regla ay may dahilan ding ipagsama ang mga *salah* dahil sa pagkahuli ng paghinto ng kanyang regla. Ganito rin ang patakaran kung huminto naman ang regla sa oras ng *salah* sa 'isha', kailangan din niyang isagawa nang magkasama ang *salah* sa *maghrib* at 'isha'. Ganito rin ang payo ng isang pangkat ng mga sahabah (RA).

9. Maraming mga manggagawa ang ipinagpapalibin ang pagsasagawa ng *salah* sa *dhuhr* at 'asr' at isinasagawa lamang ang mga ito sa gabi. Ang kanilang idinadahilan ay abala sila sa kanilang mga gawain at ang kanilang damit ay may *najasah** o hindi malinis; kaya ano po ang maipapayo ninyo sa kanila?

Sagot: Hindi ipinahihintulot para sa mga Muslim, lalaki man o babae, na ipagpalibin ang pagsasagawa ng *salah* na *fard* sa takdang oras nito. Sa halip, tungkulin ng bawat Muslim, lalaki man o babae, na nasa wastong gulang na isagawa ang *salah* sa takdang oras nito sa abot ng makakaya. Ang trabaho ay hindi dahilan upang ipagpalibin ang *salah* at ganoon din ang dumi sa damit. Ang lahat ng ito ay hindi katanggap-tanggap na dahilan. Ang trabaho ay dapat itigil sa oras ng *salah* at inoobliga ang isang manggagawa pagsapit ng oras ng *salah* na hugasan ang bahagi ng kanyang damit na may *najasah* o palitan ng damit na malinis. Ang dumi ay hindi hadlang sa pagsasagawa ng *salah* kung ang duming iyon ay hindi buhat sa mga *najasah* o hindi nagtaglay ng masamang amoy na nakapipinsala sa ibang mga nagsasagawa ng *salah*. Kung ang dumi mismo o ang amoy nito ang nakapipinsala sa iba pang mga

**Najasah* ang mga sumusunod: 1) ang dugo, 2) ang dumi at ihi ng tao, ihi nana, at suka 3) ang dumi at ihi ng hayop na ipinagbabawal ng Islam na kainin 4) ang *madhy*: likidong mlainaw na kadalasan ay lumalabas sa ari sanhi ng pag-nanasang seksual, 5) ang *wady*: likidong malapot na lumalabas sa ari na maaaring lumabas pagkatapos umihi o kapag may karamdaman.

nagsasagawa ng *salah*, kailangang hugasan iyon o palitan ng damit na malinis bago magsagawa ng *salah* nang sa gayon ay maisagawa niya ang *salah* kasama ng *jama`ah*.

Ipinahihintulot sa isang taong may katanggap-tanggap na dahilan, gaya ng may-sakit o naglalakbay, na ipagsama ang *salah* sa *dhuhr* at *salah* sa *asr* sa oras ng alin man sa dalawang *salah* na ito at ipagsama ang *maghrib* at *'isha'* sa oras ng alin man sa dalawang ito. Nasasaad din sa Hadeeth na maaaring ipagsama ang mga *salah* kung may ulan at baha at mahirap para sa mga tao na isagawa nang isa-isa ang bawat *salah*.*

10. Uulitin pa ba ng isang tao ang kanyang naisagawang *salah* matapos na magsagawa ng *tasleem* kapag siya ay nakakita ng *najasah* sa kanyang damit?

Sagot: Ang sinumang nagsagawa ng *salah* samantalang ang kanyang katawan o kasuutan ay may *najasah* at napag-alaman lamang ang tungkol dito matapos maisagawa ang *salah*, ang kanyang *salah* ay tanggap ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas ng Islam. At ganoon din kung sakaling noong una pa man ay nalalaman na niya (na ang kanyang kasuutan o damit ay may *najasah*) ngunit nakalimutan sa oras ng *salah* at naalaala lamang pagkatapos ng *salah*, ang kanyang *salah* ay tanggap pa rin ayon sa isang talata ng Qur'an: "*O Panginoon namin, huwag Mo po kaming parusahan kung kami ay makalimot o magkamali.*" (2:286) Ang tugon naman ni Allah dito ay: "*Ginawa ko na.*" Nabanggit sa isa pang Hadeeth na isang araw habang ang Propeta

*Ang pagsasama ng mga *salah* kapag may ulan o baha ay ipinahihintulot lamang sa mga taong nasa Masjid. Isinasagawa ang pagsasama ng mga *salah* sa *jama`ah*. Ang taong nasa kanyang tahanan ay hindi pinahihintulutang ipagsama ang mga *salah* kahit pa may ulan o baha dahil hindi mahirap para sa kanya na isagawa nang hiwalay ang mga *salah*. Tingnan ang sagot sa tanong bilang 53.

(SAS) ay nagsasagawa ng *salah* samantalang ang kanyang sapin sa paa ay may *najasah*, ipinagbigay-alam sa kanya ni Jibreel ang tungkol dito. Hinubad niya ang sapin at nagpatuloy sa kanyang *salah* at hindi na niya inulit ito. Ito ay kaluwagan at habag na kaloob ni Allah sa Kanyang mga ligkod. Subalit ang sinumang makalimot na magsagawa ng *wudu'* at nagsagawa ng *salah*, kailangang ilitin niya ang *salah* ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam. Ito ay alinsunod sa sinabi ng Propeta (SAS): "**Hindi tanggap ang *salah* na walang *wudu'* at ang kawanggawa na galing sa nakaw.**" Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheeh Muslim. At ang sabi pa niya (SAS): "**Kapag walang *wudu'* ang sinuman sa inyo, hindi tanggap ang kanyang *salah* hanggang hindi siya nakapagsagawa ng *wudu'.*"**

11. Maraming mga tao sa ngayon ang pabaya sa kanilang *salah*. Ang ilan sa kanila ay tuluyan nang hinintuan ang pagsasagawa ng *salah*; ano po ang hatol sa mga iyon? At ano ang tungkulin ng isang Muslim para sa kanila at lalong-lalo na sa kanyang mga kamag-anak gaya ng ama, anak, asawa at iba pa?

Sagot: Ang pagpapabaya sa *salah* ay kabilang sa mga malalaking kasalanan at ito ay kabilang rin sa mga katangian ng isang *Munafiq* (nagpapanggap na Muslim). Ang sabi ni Allah: "*Tunay na ang mga Munafiq ay nagsisikap na linlangin si Allah ngunit Siya ang lumilinlang sa kanila. At kung sila ay tatayo upang magsagawa ng salah, sila ay tinatamad at nagpapakita lamang sa mga tao at kaundi lamang kung kanilang alalahanin si Allah.*" (4:142) At ang sabi pa ni Allah tungkol sa kanilang katangian: "*At walang humahadlang sa kanilang ambag upang matanggap buhat sa kanila kundi dahil sa sila ay hindi sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo, dahil sa sila ay pumupunta sa salah nang patamad-tama, at dahil sa sila ay gumugugol nang may sama ng*

loob." (9:54) Ang sabi naman ng Propeta (SAS): "Ang pinakamabigat na *salah* para sa mga *Munafiq* ay ang *salah* sa 'isha' at *salah sa fajr*. At kung nalalaman lamang nila kung ano ang gantimpalang mayroon ang dalawang *salah* na ito, pupunta sila kahit pagapang upang isagawa ito." Kaya tungkulin ng bawat Muslim, lalaki man o babae, na panatilihin ang pagsasagawa ng limang *salah* sa kani-kanilang mga takdang oras at isagawa ang mga ito nang may kapanatagan, may pagmamalasakit, may kataitim, at konsentrasyon dahil ang sabi ni Allah: "*Tunay na mga matagumpay ang mga mananampalataya na sa kanilang pagsasagawa ng salah ay mataitim na nagpapakumbaba.*" (23:1-2) Nasasaad din sa isang Hadeeth na inutusan ng Sugo ni Allah (SAS) ang isang taong hindi pinagbuti ang pagsagawa ng *salah* na ultiin ang *salah* sapagkat hindi niya iyon isinagawa ng may kapanatagan. Sa panig naman ng mga kalalakihan, kailangang palagi nilang isagawa ang *salah sa jama ah*, kasama ng kanilang mga kapatid sa pananampalataya, sa mga bahay ni Allah na walang iba kundi ang mga Masjid. Ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "Ang sinumang makarinig ng panawagan (*adhan*) at hindi pumunta (sa dasalan), wala siyang *salah* maliban na lamang kung siya ay may magandang dahilan." Si Ibnu 'Abbas (RA) ay tinanong kung ano ang magandang dahilan. "Takot o karamdaman," ang sagot niya. Ayon naman sa isang Hadeeth na iniulat ni Abu Hurayrah (RA) tungkol sa Propeta (SAS), may isang lalaking bulag na nagsadya sa Kanya (SAS) at ang sabi, "O Sugo ni Allah, wala po akong gabay na gagabay sa akin papuntang Masjid; kaya may kapahintulutan po ba akong magsagawa ng *salah* sa aking bahay?" Binigyan niya (SAS) ito ng kapahintulutan ngunit ng nakaalis na ito ay tinawag niya ito at sinabi rito, "*Naririnig mo ba ang panawagan ng salah?* Opo," sabi nito. "*Kung gayon, tugunin mo,*" sabi naman niya (SAS). (Ang ibig niyang sabihin ay: Pumunta

ka sa Masjid at doon isagawa ang *salah*.) Sa isa pang Hadeeth na nasa Saheehayn na iniulat pa rin ni Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS): "Napag-isipan kong mag-utos na simulan ang pagsasagawa ng *salah* at saka uutusan ko ang isang lalaki na mamuno sa *salah* at ako ay aalis, kasama ng ilang mga kalalakihan na may dalang mga bigkis ng panggatong, papunta sa mga taong hindi dumadalo sa *salah* upang aking sunugin ang kanilang mga bahay." Ang Hadeeth na ito ay nagpapahiwatig na ang *salah* sa *jama'ah* ay isa sa mahalagang tungkulin ng mga kalalakihan at ang hindi tumutupad sa tungkuling ito ay karapatan-dapat parusahan.

Idinadalangin natin kay Allah na nawa'y Kanyang pabutihin ang kalagayan ng lahat ng mga Muslim at pagkalooban sila ng tagumpay na ikinalulugod Niya.

Ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas ng Islam, ang paghinto sa pagsasagawa ng *salah* o kahit paminsan-minsan lamang ay itinuturing na isang malaking kawalan ng pananampalataya kahit hindi man ikaila na ang *salah* ay *fard* — maging lalaki man o babae ang huminto sa pagsasagawa ng *salah*. Ang sabi ng Propeta (SAS): "Ang namamagitan sa tao at kawalang pananampalataya at *shirk* (pagtatambal kay Allah) ay ang pagtalikod sa *salah*." Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheeh Muslim. Sa isa pang Hadeeth ay sinabi ng Propeta (SAS): "Ang kasunduang namamagitan sa atin at sa kanila (mga mananampalataya) ay ang *salah*; kaya ang sinumang huminto sa pagsasagawa ng *salah* ay nawalan na ng pananampalataya." Mayroon pang maraming ibang Hadeeth tungkol sa paksang ito.

Ang nagkakaila sa pagiging *fard* ng *salah*, maging lalaki man o babae, ay tuluyan nang nawalan ng pananampalataya ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam kahit sabihin pang nagsasagawa rin siya ng *salah*. Kaya hinihiling natin kay Allah na

nawa'y huwag sanang mangyari sa atin at sa lahat ng mga Muslim ang gayon. Tunay na Siya ang pinakamainam hilingan.

Ang lahat ng mga Muslim ay may tungkuling pagpayuhan ang isa't isa sa kung ano ang totoo at magtulungan sa kabutihan at kabanalan. Kabilang sa tungkuling ito ang pagpayuhan ang hindi dumadalo sa *salah* sa *jama'ah* o nagpapabaya sa *salah* anupa't kung magkaminsan ay hindi na ito isinasagawa. Tungkulin din na magbigay-babala sa kanya tungkol sa galit at parusa ni Allah. Tungkulin ng kanyang ama, ina, mga kapatid, at kasambahay na siya ay kanilang pagpayuhan at magpatuloy sa pagpayo hanggang sa siya ay patnubayan ni Allah at maging matuwid. Gayon din sa mga babaeng nagpapabaya at huminto sa pagsasagawa ng *salah*, tungkulin din na sila ay pagpayuhan, bigyang-babala sa galit at parusa ni Allah, at magpatuloy sa pagpayo at pagbibigay-babala. Kung ayaw na talagang makinig ay putulin na ang ugnayan sa kanya at bigyan ng karampatang kaparusahan kung magagawa. Ang lahat ng ito ay pakikipagtulungan sa kabutihan at kabanalan at pag-uutos sa mabuti at pagbabawal sa masama na ginawang obligasyon ni Allah sa Kanyang mga lingkod na mga lalaki at babae. Ayon sa sinabi Niya: "*Ang lalaking mananampalataya at babaeng mananampalataya ay mga wali (kaibigan, katuwang, tagapagtanggol, tagatangkilik, at iba pa) ng bawat isa sa kanila. Ipinag-uutos nila ang mabuti at ipinagbabawal ang masama. Nagsasagawa sila ng salah, nagbibigay ng zakah, at sinusunod si Allah at ang Kanyang Sugo. Ang mga iyon ang kaaawaan ni Allah. Tunay na si Allah ay makapangyarihan, marunong.*" (9:71) At ayon naman sa sinabi ng Propeta (SAS): "Utusan ninyo ang inyong mga anak na magsagawa ng *salah* pagsapit ng pitong taon, paluin sila sa hindi nila pagsasagawa ng *salah* at paghiwalayin (huwag pagtabihin sa higaan ang magkapatid na lalaki at babae) ang kanilang higaan kapag sila ay sampung taon

na." Kung ang mga batang lalaki at babae nga ay inuutusang magsagawa ng *salah* pagsapit ng ika-pitong taong gulang at pagsapit ng ika-sampung taong gulang ay papaluin kung hindi isasagawa iyon, ang mga nasa hustong gulang ay mas lalong kailangang magsagawa ng *salah* at nararapat parusahan kung hindi niya ito isinasagawa sa kabilang patuloy na pagpayo. Ang pagtatagubilin sa isa't isa upang itaguyod ang katotohanan at ang pagtitiis alang-alang dito ay isang tungkulin batay sa sinabi ni Allah: *Sumpa man sa panahon,* tunay na ang tao ay nasa kapahamakan; maliban sa mga sumasampalataya at gumagawa ng mga kabutihan at nagtatagubilinan ng pagtataguyod sa katotohanan at nagtatagubilinan ng pagtitiis.*

Ang sinumang huminto sa pagsasagawa ng *salah* matapos na sumapit sa wastong gulang at hindi tinanggap ang payong magsagawa ng *salah*, ang kanyang kaso ay isasampa sa hukuman ng *Sharee'ah* upang hilingin sa kanya na magsisi sa hindi pagsagawa ng *salah*. At kung magsisisi siya, iyon ay mabuti para sa kanya; at kung hindi, hahatulan siya ng kamatayan. Kaya ipinapanalangin natin kay Allah na sana ay pabutihin Niya ang kalagayan ng mga Muslim at pagkalooban sila ng karunungan sa relihiyon at patnubayan sila sa pakikipagtulungan sa kabutihan at kabanalan, pag-uutos sa kabutihan at pagbabawal sa masama, pagtatagubilin sa isa't isa na itaguyod ang katotohanan, at pagtitiis alang-alang dito. Tunay na siya ay bukas-palad, mapagbigay.

12. Ang ilang mga tao, dahil sa mga sakunang sanhi ng sasakyang iba pa, ay nakaranas ng pagkaalog ng utak at pagkawala ng malay sa loob ilang araw; kaya kailangan po bang isagawa ng mga iyon

* Ang nanunumpa sa panahon ay si Allah. Karapatan ni Allah na sumumpa sa alin man sa Kanyang mga nilikha ngunit ang tao ay hindi pinahihintulutang sumumpa sa iba maliban pa kay Allah.

ang mga *salah* na hindi nila naisagawa kapag nanumbalik na ang kanilang malay?

Sagot: Kung ang pagkawala ng malay ay nagtagal lamang ng maikling panahon, halimbawa'y tatlong araw o mababa pa, obligado silang isagawa ang mga *salah* na hindi nila naisagawa. Naiulat ng isang pangkat ng mga *sahabah* (RA) na sila ay nawalan ng malay sa loob ng panahong mababa sa tatlong araw ngunit nang nanumbalik na ang kanilang malay ay isinagawa nila ang mga *salah* na hindi nila naisagawa. Kung ang pagkawala naman ng malay ay higit sa tatlong araw, hindi na kailangang magsagawa ng mga *salah* para sa mga araw na hindi nakapagsagawa ng *salah*. Ayon ito sa sinabi ng Propeta (SAS): "Inangat ang panulat sa tatlong tao: * ang natutulog hanggang sa magising, ang bata hanggang sa maging sapat ang gulang, at ang baliw hanggang sa bumalik ang pag-iisip." Ang nawalan ng malay sa loob nang tatlong araw o higit pa ay para na ring baliw dahil kapwa sila nawala sa sarili. Si Allah ang tagapagpatnubay.

13. Marami sa mga may karamdaman ang nagpapabaya sa pagsasagawa ng *salah* at sinasabing, "Kapag ako ay magaling na, isasagawa ko ang mga *salah* na hindi ko naisagawa." Ang iba naman sa kanila ay nagsasabi, "Papaano akong makapagsasagawa ng *salah* samantalang hindi ako makapagsagawa ng *wudu'* at hindi ko malinis ang katawan mula sa *najasah*." Ano po ang inyong maipapayo sa mga iyon?

Sagot: Ang karamdaman, hangga't hindi pa nawala ang katinuan, ay hindi makahahadlang sa pagsasagawa ng *salah* dahil lamang sa kawalang kakayahang magsagawa ng *wudu'*. Sa halip,

*Ibig sabihin ay hindi itinatala ng mga anghel ang kanilang gawa kaya hindi sila papanagutin sa kabilang-buhay sa anumang nagawa nila.

tungkulin pa rin ng isang may-sakit na magsagawa ng *salah* sa abot ng kanyang makakaya. Magsasagawa siya ng *wudu'* sa abot ng kanyang makakaya at kung hindi siya maaaring gumamit ng tubig, magsasagawa siya ng *tayammum* at saka magsagawa ng *salah*. Ang *najasah* sa kanyang katawan at kasuutan ay kailangang hugasan sa oras ng *salah* o palitan ang kasuutan na may *najasah* ng malinis na kasuutan sa oras ng *salah*. Kung hindi niya kayang hugasan ang *najasah* o palitan ang kasuutan na may *najasah* ng kasuutan na malinis, hindi na niya kailangang gawin iyon. Magsasagawa siya ng *salah* maging ano pa man ang kalagayan niya batay sa sinabi ni Allah: "*Kaya katakutan ninyo si Allah sa abot ng inyong makakaya.*" (64:16) At ayon din sa sinabi ng Propeta (SAS): "*Kapag may ipinag-utos ako sa inyo, isagawa ninyo iyon sa abot ng inyong makakaya.*" Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheehayn. Ang sabi pa niya (SAS) kay 'Imran bin Husayn (RA) nang idinaing nito ang karamdaman sa kanya: "*Isagawa mo ang *salah* nang nakatayo; at kung hindi mo kaya, isagawa mo nang nakaupo; at kung hindi mo kaya, isagawa mo nang nakahigang patagilid.*" Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheeh Al-Bukhari. Sa iba pang Hadeeth ay ito pa ang idinagdag: "*at kung hindi mo pa rin kaya, isagawa mo nang nakatihaya.*"

14. Ang *salah* na sadyang hindi isinagawa ng isang tao — isang *salah* o higit pa — ay kailangan pa bang isagawa kapag siya ay pinatnubayan na ni Allah na magbalik-loob?

Sagot: Hindi kailangang isagawa ang mga *salah* na hindi naisagawa kung ang mga iyon ay sadyang hindi isinagawa. Ito ang pinakatumpak na pahayag ng mga pantas sapagkat ang isang taong sadyang hindi nagsagawa ng *salah* ay lumabas na sa loob ng Islam at pumasok sa bakuran ng mga di-sumasampalataya. Hindi isasagawa ng isang di-sumasampalataya ang mga *salah* na hindi

naisagawa noong siya ay wala pang pananampalataya. Ito ay batay sa sinabi ng Propeta (SAS): "Ang namamagitan sa tao at kawalang pananampalataya at *shirk* (pagtatambal kay Allah) ay ang pagtalikod sa *salah*." Ang Hadeeth na ito na nasa Saheeh Muslim ay isinalaysay ni Jabir bin 'Abdullah (RA). Ang sabi pa niya (SAS): "Ang kasunduang namamagitan sa atin at nila (mga mananampalataya) ay ang *salah*; kaya ang sinumang tumalikod sa *salah* ay nawalan na ng pananampalataya." Karagdagan pa rito, hindi inatasan ng Propeta (SAS) ang mga di-Muslim na nagsipasok sa Islam na isagawa ang mga *salah* na hindi nila naisagawa noong sila ay hindi pa mga Muslim. At ganoon din ang mga *sahabah* (RA), hindi nila inatasan ang mga *Murtadd* (tumalikod sa Islam) nang ang mga ito ay magbalik sa Islam na isagawa ang mga *salah* na hindi nila naisagawa (noong sila ay mga *Murtadd* pa). Ngunit kung isagawa man ng isang taong huminto sa pagsasagawa ng *salah* ang mga *salah* na sadyang hindi niya isinagawa, walang masama sapagkat ito ay pag-iingat at pag-iwas na masalungat ang sinabi ng nakararaming pantas ng Islam na hindi nagiging di-mananampalataya ang huminto sa pagsasagawa ng *salah* kung hindi rin lamang niya ikinaila na ang *salah* ay *fard*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

15. May mga taong nagsasabi na kapag hindi nakapagsagawa ng *adhan* sa umpisa ng pagsapit ng oras ng *salah*, hindi na kailangang magsagawa ng *adhan* sapagkat ang *adhan* ay ang pagbibigay-alam ng pagsapit ng oras ng *salah*. Ano po ang inyong pahayag hinggil dito? Kailangan pa po bang magsagawa ng *adhan* ang taong nag-iisa sa disyerto o ilang?

Sagot: Kapag hindi nagsagawa ng *adhan* ang *mu'adhdhin* sa simula pa lamang ng pagsapit ng oras ng *salah*, hindi na niya kailangang magsagawa ng *adhan* kung sa lugar din na iyon ay may

mga *mu'adhdhin* bukod pa sa kanya sapagkat ang mga iyon na ang tumupad sa tungkuling magkaroon ng *adhan*. Subalit kung ang pagkahuli ng pagsasagawa ng *adhan* ay hindi naman gaanong matagal, walang masama kung isagawa ang *adhan*. Kung wala nang iba pang *mu'adhdhin* maliban sa kanya, kailangan niyang magsagawa ng *adhan* kahit nahuli siya nang matagal sapagkat ang *adhan* sa pagkakataong ito ay *fard kifayah** at walang ibang magsasagawa nito kaya kailangan niyang isagawa ito dahil tungkulin niya ito at ang mga tao ay kadalasang naghihintay lamang.

Itinatagubilin sa *musafir* (manlalakbay) na magsagawa ng *adhan* kahit nag-iisa lamang siya. Ito ay ayon sa Hadeeth na sinabi ni Abu Sa'eed (RA) sa isang lalaki: "**Kapag ikaw ay kasama ng iyong mga tupa sa ilang, lakasan mo ang iyong tinig kapag nagsasagawa ng adhan. Walang jinn o tao o maging ano pa man na nakarinig sa narrating ng tinig ng isang mu'adhdhin na hindi sasaksi para sa kanya sa araw ng paghuhukom.**"

16. Ipinahihintulot ba sa mga babae ang pagsasagawa ng *adhan* at *iqamah* kung wala silang kasamang lalaki?

Sagot: Ang mga babae ay hindi kinakailangang magsagawa ng *adhan* o *iqamah*, nananatili man sila kanilang lugar o nasa paglalakbay. Ang pagsasagawa ng *adhan* at *iqamah* ay ilan sa mga gawaing laan lamang sa mga kalalakihan gaya ng ipinakikita ng mga Hadeeth na *saheeh* buhat sa Propeta (SAS).

*Isang obligasyon ng isang komunidad ng mga Muslim na kapag ginawa ng isa sa kanila o ilan sa kanila, silang lahat ay hindi magkakasala at hindi pananagutin ni Allah. Subalit kung wala ni isa man lamang sa kanila ang nagsagawa nito, silang lahat ay magkakasala at mananagot.

17. Kapag nakalimutan ang *iqamah* at nagsagawa ng *salah* (nang walang *iqamah*), makakaapekto ba iyon sa *salah* na isinagawa ng isang tao o ng isang *jama`ah*.

Sagot: Kapag ang *salah* ay isinagawa ng isang tao o ng isang *jama`ah* nang walang *iqamah*, ang *salah* ay tanggap pa rin ngunit ang sinumang nakagawa ng ganito ay kailangang humingi ng tawad kay Allah. Ganoon din naman kung sakaling nagsagawa ng *salah* nang walang *adhan*, ang *salah* ay tanggap pa rin sapagkat ang *adhan* at ang *iqamah* ay ilan lamang sa mga *fard kisayah* at ang dalawang ito ay hindi bahagi ng *salah*.

Ang sinumang hindi nakapagsagawa ng *adhan* at *iqamah* ay kailangang humingi ng tawad kay Allah sapagkat kapag hindi naisagawa ang mga *fard kisayah* ay nagkakasala ang lahat ngunit hindi sila magkakasala kung may isa o ilan sa kanilang nagsagawa nito. Ang *adhan* at *iqamah* ay ilan sa mga *fard kisayah*. Kapag isinagawa ang dalawang ito ng sapat na bilang ng tao, hindi na tungkulin ng lahat na isagawa ito at hindi na magkakasala ang lahat; maging sila man ay nananatili sa kanilang lugar o nasa paglalakbay, nasa mga nayon o mga bayan at lunsod o mga ilang.

Hinihiling natin kay Allah na ipagkaloob sa lahat ng mga Muslim ang lahat ng patnubay na ikinalulugod Niya.

18. Maraming mga kapatid sa Islam ang masyadong istrikto pagdating sa paggamit ng *sutrah**anupa't naghihintay silang magkaroon ng *sutrah* kapag sila ay nasa loob ng Masjid at walang makitang bakanteng haligi o dingding o anumang magagamit na *sutrah*. Pinupuna nila ang nagsasagawa ng *salah* na walang *sutrah*.

*Ang *sutrah* ay ang kahit ano mang bagay na nakalagay o inilagay sa harap ng nagsasagawa ng *salah* upang magsilbing hadlang sa sinumang direktang daraan malapit sa pinapatirapaan.

Ang iba naman ay hindi binibigyang halaga ang *sutrah*. Ano po ba ang tama rito? Ang guhit po ba ay maaaring ipamalit sa *sutrah* kapag wala ito? At mayroon po ba naman itong batayan?

Sagot: Ang pagsasagawa ng *salah* na nakaharap sa *sutrah* ay isang *sunnah mu'akkadah* (gawaing binigyan ng lubos na pagpapahalaga ng Propeta (SAS)) at hindi *fard*. Kaya kung hindi man nakakita ng anumang nakatayo o nakaharang, maaari na ang guhit. Ang patunay sa binanggit natin ay ang sinabi ng Sugo (SAS): "Kapag nagsagawa ng *salah* ang sinuman sa inyo, magsagawa siya ng *salah* na nakaharap sa *sutrah*." Ang sabi pa ng Propeta (SAS): "Kapag nagsagawa ng *salah* ang sinuman sa inyo, maglagay siya sa kanyang harapan ng anumang bagay. Kung wala siyang makita, magtusok siya ng isang patpat (sa kanyang harap)."^{*} Ngunit kung wala siyang makitang patpat, gumuhit siya ng isang guhit (sa kanyang harap) at kapag ginawa niya iyon hindi maapektuhan ang kanyang *salah* ng nagdaraan sa kanyang harapan." Napatunayan din sa ibang mga Hadeeth na may mga pagkakataong nagsasagawa ng *salah* ang Sugo (SAS) nang walang *sutrah*; kaya ito ay nagpapahiwatig na ang *sutrah* ay hindi *fard*. Sa Al-Masjid Al-Haram ay hindi nangangailangang maglagay ng *sutrah* ng nagsasagawa ng *salah* doon. Ito ay batay sa napatunayang ginagawa noon ni Ibnu Zubayr (RA). Siya noon ay nagsasagawa ng *salah* sa Al-Masjid Al-Haram nang walang *sutrah* samantalang ang mga nagsasagawa ng *tawaf* ay nasa harapan niya. Karagdagan pa rito, ang Al-Masjid Al-Haram ay isang lugar na talagang inaasahang magkakaroon ng siksikan sa maraming pagkakataon at hindi magagawang hadlangan ang mga nagsisidaan sa harap; kaya inalis na ang pagiging kanais-nais ng paglalagay ng *sutrah* na ating nabanggit. Sa Al-Masjid An-Nabawi sa Madinah at

*Kung nagsasagawa ng *salah* sa lupa.

sa iba pang lugar na pinagsasagawaan ng *salah*, sa mga sandaling matindi ang siksikan, ay hindi na kailangan ang *sutrah*. Ito ay bilang pagsunod sa sinabi ni Allah: "*Kaya katakutan ninyo si Allah sa abot ng inyong makakaya.*" (64:16) Ang sabi naman ng Sugo (SAS): "*Kapag may ipinag-utos ako sa inyo, gawin ninyo ito sa abot ng inyong makakaya.*" Si Allah ang tagapagpatnubay.

Bawal ang dumaan sa harap ng nagsasagawa ng *salah* o sa pagitan niya at ng *sutrah*. Ito ay batay sa sinabi ng Propeta (SAS): "*Kung nalalaman lamang ng nagdaraan sa harap ng nagsasagawa ng salah ang pananagutan niya, mas pipiliin pa niyang maghintay ng apatnapung (araw o buwan o taon)* kaysa dumaan sa harapan ng nagsasagawa ng salah.*"

19. Nakikita naming inilalagay ng maraming tao ang kamay sa ilalim ng pusod. Ang iba naman ay inilalagay ang kamay sa dibdib at mariin nilang tinutuligsa ang naglalagay ng kamay sa ilalim ng pusod. Inilalagay naman ng iba ang kamay sa dibdib sa tabi ng leeg. May iba namang nakalawit ang kamay. Kung gayon, ano po ang tama sa mga ito? Patnubayan kayo ni Allah.

Sagot: Ipinakikita ng Hadeeth na *saheeh* na ang pinakamainam para sa nagsasagawa ng *salah* habang nakatayo ay ipatong ang kanyang kanang palad sa kaliwang kamay na nakapatong naman sa kanyang dibdib, bago at pagkatapos yumukod. Pinagtibay ito ng ipinahihiwatig ng Hadeeth na isinalaysay ni Wa'il bin Hujr at Qabeesah bin Halab At-Taee ayon sa kanyang ama -- kalugdan sila ni Allah -- at pinagtibay rin iyon ng ipinahihiwatig ng Hadeeth na isinalaysay ni Sahl bin Sa'd As-Sa'dee (RA). Tungkol naman sa paglalagay ng kamay sa ilalim ng pusod, ito ay nasasaad sa isang Hadeeth na *da'eef* (mahina anupa't hindi mapaniniwalaan o

* Hindi tiyak kung alin sa mga ito.

mapagbabatayan) na diumano'y isinalaysay ni 'Ali bin Abee Talib (RA). Tungkol naman sa paglalawit ng kamay o paglalagay sa dibdib sa sa tabi ng leeg, ito ay salungat sa *sunnah*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

20. Maraming mga kapatid sa Islam ang nagpapahalaga sa pag-upo na kung tawagin ay *jalsatul istirahah** at pinupuna ang hindi umuupo nang ganito. Ano po ang hatol dito? At kanais-nais po ba ang ganitong pag-upo para sa *imam* (namumuno sa *salah*) at *ma'moom* (taong pinangungunahan ng *imam* sa *salah*) kung papaanong ito ay kanais-nais para sa *munfarid* (mag-isang nagsasagawa ng *salah*).

Sagot: Ang *jalsatul istirahah* ay kanais-nais para sa *imam*, *ma'moom*, at *munfarid*. Ang pag-upong ito ay katulad ng pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa. Ito ay daglian at walang *dhikr* o *du'a'* na binibigkas dito. At ang sinumang hindi naupo ng ganito ay hindi nagkakasala. Ang mga Hadeeth hinggil sa pag-upong ito ay napatunayang buhat sa Propeta (SAS). Ang ilan sa mga Hadeeth na ito ay isinalaysay nina Malik bin Al-Huwayrith at Abu Hameed As-Sa'idee at ng isang pangkat ng mga *sahabah* (RA). Si Allah ang pumapatnubay.

21. Papaanong isasagawa ng isang Muslim ang *salah* sa loob ng eroplano? At mas mabuti pa para sa kanya na isagawa ang *salah* sa umpisa ng oras nito habang nasa eroplano o maghintay na makarating sa paliparan at magsagawa doon ng *salah* sa katapusan ng oras nito?

*Ito ang dagliang pag-upo pagkatapos ng ikalawang pagpapatirpa sa unang *rak'ah* at ikatlong *rak'ah* ng mga *salah* na binubuo ng apat na *rak'ah* at pagkatapos ng ikalawang pagpapatirpa ng unang *rak'ah* ng *salah* na binubuo ng tatlo o dalawang *rak'ah*.

Sagot: Ang isang Muslim na nakalulan sa eroplano ay kailangang magsagawa ng *salah* doon sa abot ng kanyang makakaya kapag dumating na ang oras nito. Kung magagawa niyang magsagawa ng *salah* na may kasamang pagtayo (*qiyam*), pagyukod (*ruku'*), at pagpapatirapa (*sujud*), gagawin niya ang mga ito. Kung hindi magagawa ang mga iyon, isasagawa ang *salah* nang nakaupo. Ang pagyukod (*ruku'*) at ang pagpapatirapa (*sujud*) ay ipahihiwatig (sa pamamagitan ng pagyuko ng ulo at pagyukod ng katawan). Kung makakita siya ng isang lugar sa eroplano na maaari tumayo at magpatirapa sa sahig sa halip na ipahihiwatig ang mga kilos na ito, kailangang magsagawa ng *salah* sa lugar na iyon. Ito ay batay sa sinabi ni Allah: "*Kaya katakutan ninyo si Allah sa abot ng inyong makakaya.*" (64:16) at batay din sa sinabi ng Propeta (SAS) kay 'Imran bin Husayn (RA) ng ito ay may sakit: "**Isagawa mo ang *salah* nang patayo; kung hindi mo kaya, isagawa mo nang paupo; kung hindi mo kaya, isagawa mo nang pahigang nakatagilid.**" Ito ang salaysay sa Saheeh Al-Bukhari ngunit ang salaysay sa Nasa'ee ay may dagdag na: "**Kung hindi mo pa rin kaya, isagawa mo nang patihaya.**" Ang mabuti para sa kanya ay ang isagawa ang *salah* sa simula pa lamang ng oras nito. Ngunit kung ipahuli man niya ang pagsagawa ng *salah* at isagawa ito kapag malapit nang magtapos ang oras nito upang ito ay isagawa sa labas ng eroplano, walang masama ayon sa lahat ng mga patunay. Ang patakaran para sa nakasakay sa kotse, tren, at barko ay ang mismong patakaran para sa nakasakay sa eroplano. Si Allah ang tagapagpatnubay.

22. Maraming mga tao ang gumagawa ng maraming mga walang kabuluhang kilos at kalikutan habang nagsasagawa ng *salah*; mayoon po bang itinakdang bilang ng galaw na makapagpapawalang-saysay sa *salah*? At ang pagtatakda sa tatlong

magkakasunod na galaw (na walang kaugnayan sa *salah* na diumano'y nakakapagpawalang-saysay sa *salah*) ay may batayan po ba? Ano po ang inyong maipapayo sa taong sobrang likot sa *salah*?

Sagot: Ang mananampalataya, lalaki man o babae, ay kailangang maging panatag sa pagsasagawa ng *salah* at iwasan ang mga walang kabuluhang kilos sapagkat ang kapanatagan ay bahagi ng *salah*. Nasasaad sa Hadeeth na nasa Saheehayn na inutusan ng Propeta (SAS) ang isang taong hindi panatag ang pagsasagawa ng *salah* na ultiin ang *salah*. Itinatagubilin sa bawat Muslim, lalaki man o babae, na isagawa ang *salah* nang may kataimtiman, sigasig, at konsentrasyon sa harap ni Allah sapagkat ang sabi Niya: "*Tunay na matagumpay ang mga mananampalataya na sa kanilang pagsasagawa ng salah ay mataimtim na nagpapakumbaba.*" (23:1-2) Hindi rin maganda na kung anu-anong gagawin sa damit o sa balbas o maging ano pa man iyon. At sa aking pagkakaalam ayon sa *sharee'ah*, ipinagbabawal ang marami at sunod-sunod na mga walang kabuluhang kilos at galaw at ang *salah* ay nawawalan din ng saysay.

Walang takdang bilang (ang mga walang kabuluhang galaw na nagpapawalang-saysay sa *salah*) at ang sinasabing pagtatakda sa tatlong galaw ay maling pahayag at walang batayan. Ang maaasahang pahayag sa kung ano ang maraming walang kabuluhang galaw ay ang paniniwala ng nagsasagawa ng *salah*. Kapag naniwala siya na siya ay nakagawa ng maraming walang kabuluhang galaw at nagkasunod-sunod pa iyon, kailangang ultiin niya ang *salah* kung ito ay *fard* at kailangang pagsisihan niya iyon. Ang aking payo sa bawat lalaki at babaeng Muslim ay maging maselan sa pagsasagawa ng *salah*, mataimtim, at huwag gumawa ng mga walang kabuluhang galaw kahit kaunti lamang dahil napakadakila ng kalagayan ng *salah* sapagkat ito ang pangunahing haligi ng Islam, pinakadakilang saligan ng Islam matapos ang

shahadatan, at ang unang gawa na pananagutan ng tao sa araw ng paghuhukom.

Patnubayan nawa ni Allah ang mga Muslim sa pagsagawa nila ng *salah* sa paraang ikinalulugod Niya.

23. Ano po ba ang lalong mainam kapag magpapatirapa, ilapag muna ang tuhod bago ang mga kamay o ang kabaligtaran? Papaano po pagtutugmain ang dalawang Hadeeth hinggil dito na magkasalungat?

Sagot: Ang *sunnah* para sa nagsasagawa ng *salah*, kapag nais niyang magpatirapa, ay ilapag niya muna ang mga tuhod bago ang mga kamay kung kaya niya ito. Ito ang pinakatumpak na pahayag ng nakararaming mga pantas batay sa Heedth na isinalaysay ni Wa'il bin Hujr (RA) at iba pang mga Hadeeth na ganito rin ang kahulugan. Tungkol naman sa Hadeeth na isinalaysay ni Abu Hurayrah (RA), ang totoo niyan ay hindi nito sinasalungat (ang Hadeeth na isinalaysay ni Wa'il) sa halip ay tumutugma pa ito roon sapagkat sa Hadeeth na ito ay ipinagbawal ng Propeta (SAS) sa nagsasagawa ng *salah* na lumuhod na gaya ng pagluhod ng kamelyo. At ang sinabi sa katapusan ng Hadeeth na ito: "**At ilapag niya muna ang kanyang mga kamay bago ang kanyang mga tuhod**" ay malamang na isang pagkakamali ng mananalaysay. Ang tama ay: "**Ilapag niya muna ang mga tuhod bago ang mga kamay.**" Sa ganito ay napagtutugma ang mga Hadeeth at ang huling bahagi ng Hadeeth na nabanggit ay tumutugma na sa simula ng Hadeeth at naalis na ang pagkakasalungatan. Ganito rin ang pakahulugang ibinigay ni Ibnul Qayyim -- kahabagan siya ni Allah -- sa kanyang aklat na pinamagatang *Zadul Ma'ad*.

Ang hindi naman kayang unahin ang mga tuhod sanhi ng kahinaan o katandaan ay hindi masisisi sa pag-una ng kanyang mga kamay ayon sa sinabi ni Allah: "**Kaya katakutan ninyo si Allah sa**

abot ng inyong makakaya." at ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "Ang ipinagbawal ko sa inyo ay iwasan ninyo at ang ipinag-utos ko sa inyo ay gawin sa abot ng inyong makakaya." Si Allah ang tagapagpatnubay.

24. Ano po ang opinyon ninyo sa pag-ehem habang nagsasagawa ng *salah*, pag-ihip, at pag-iyak; nakakapagpawalang-saysay po ba ang mga ito *salah*?

Sagot: Ang pag-ehem, pag-ihip, at pag-iyak -- ang lahat ng ito -- ay hindi nakakapagpawalang-bisa sa *salah* at walang masama kung talagang tinatawag ng pangangailangan. *Makrooh* lamang gawin ang mga ito kung hindi kailangan sapagkat ang Propeta (SAS) ay umeehem kay 'Ali (RA) kapag siya ay humihingi ng pahintulot dito habang siya ay nagsasagawa ng *salah*. Ang pag-iyak naman ay *sunnah* sa *salah* at iba pa kung ang pag-iyak na ito ay buhat sa pagpapakumbaba, debosyon kay Allah, at walang halong pagkukunwari. Naiulat na ang Propeta (SAS) ay umiiyak sa *salah*. Ganito rin ang naiulat tungkol kina Abu Bakr, 'Umar, mga *sahabah*, at mga tagasunod nila -- kalugdan silang lahat ni Allah.

25. Ano po ang hatol sa pakikipagkamay pagkatapos ng *salah*? At mayroon po bang pagkakaiba ang pakikipagkamay pagkatapos ng *salah* na *fard* sa pakikipagkamay pagkatapos ng *salah* na *sunnah*?

Sagot: Ang pakikipagkamay kapag nagkikita ang mga Muslim ay itinatagubilin. Ang Propeta (SAS) ay nakikipagkamay sa kanyang mga *sahabah* (RA) kapag nakatagpo niya sila. At ang mga *sahabah* rin ay nagkakamayan kapag nagkikita. Ang sabi nina Anas (RA) at Ash-Sha'bi -- kahabagan sila ni Allah: "Kapag nagkikita ang mga *sahabah*, sila ay nagkakamayan; at kapag sila ay dumating buhat sa isang paglalakbay, sila ay nagyayakapan." Nasasaad sa

Hadeeth na nasa Saheehayn na si Talhah bin 'Ubaydullah na isa sa sampung tao na tiniyak na papasok sa paraiso -- kahabagan sila ni Allah -- ay tumayo sa pagtitipon ng Propeta sa Masjid nito at lumapit kay Ka'b bin Malik (RA) nang ito ay gawaran ni Allah ng kapatawaran upang makipagkamay rito at batiin ito sa kapatawarang natamo nito. Ang gawaing ito ay laganap noong kapanahunan ng Propeta (SAS) at noong wala na siya. Nasasaad sa Hadeeth na kanyang sinabi na: **"Kapag ang dalawang Muslim ay nagkita at saka nagkamayan, malalagas sa kanila ang kanilang kasalanan tulad ng pagkalagas sa kahoy ng dahon nito."**

Isang kanais-nais na bagay ang pakikipagkamay kapag nagkikita sa Masjid o sa klase. Kapag hindi nakipagkamay bago nagsagawa ng *salah*, makipagkamay pagkatapos nito nang sa gayon ay maisagawa ang dakilang *sunnah* na ito sapagkat ito ay nagpapatibay sa pagmamahalan at nag-aalis ng sama ng loob. Kung hindi kinamayan ng isang Muslim ang kanyang kapwa bago nagsagawa ng *salah* na *fard*, makabubuting kamayan niya ito pagkatapos ng *salah* matapos na bigkasin ang mga *dhikr*. Tungkol naman sa ginagawa ng ibang mga tao na nakikipagkamayan kaagad matapos na isagawa ang ikalawang *tasleem* ng *salah* na *fard*, wala akong nalalaman na ito ay may batayan. Datapuwa't malinaw na ito ay hindi maganda dahil walang batayan ang ganito at sa dahilang ang nagsasagawa ng *salah*, sa pagkakataong ito, ay dapat na bumigkas ng mga *dhikr* na siyang ginagawa noon ng Propeta (SAS) pagkatapos magsabi ng *tasleem* sa *salah* na *fard*. Tungkol naman sa *salah* na *sunnah*, mabuting makipagkamayan pagkatapos magsabi ng *tasleem* kung hindi nagkamayan bago nagsagawa ng *salah*. Subalit kung nagkamayan na bago magsagawa ng *salah*, sapat na iyon.

26. Mayroon bang Hadeeth na nagpapatunay na kanais-nais ang pagpalit ng lugar kapag magsasagawa ng *salah* na *sunnah* pagkatapos magsagawa ng isang *salah*?

Sagot: Walang Hadeeth na *saheeh*, sa aking pagkakaalam, hinggil dito. Subalit si Ibnu 'Umar (RA) at ang maraming *salaf** ay ginagawa ito. May isang Hadeeth na *da'eef* hinggil dito na iniulat ni Abu Dawud -- kahabagan siya ni Allah. Ang ginagawa ni Ibnu Umar at ng *salaf* ay maaaring kumatig sa Hadeeth na *da'eef* na ito. Si Allah ang tagapagpatnubay.

27. May Hadeeth na naghihikayat na sabihin ang *dhikr* na: *laa ilaaha illallaah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa 'alaa kulli shay'in qadeer* nang sampung beses pagkatapos ng *salah* sa *fajr* at *maghrib*; *saheeh* po ba ang Hadeeth na ito?

Sagot: Ang mga Hadeeth tungkol dito ay *saheeh* at buhat sa Propeta (SAS). Ang lahat ng ito ay nagpapatunay na *sunnah* ang *dhikr* na nabanggit pagkatapos ng *salah* sa *fajr* at *maghrib*. Binibigkas ang: *laa ilaaha illaallah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa 'alaa kulli shay'in qadeer* nang sampung beses. *sunnah* para sa bawat mananamplataya, lalaki man o babae, na palagi itong bigkasin pagkatapos ng *salah* sa *fajr* at *maghrib*. Bibigkasin ito pagkatapos ng mga *dhikr* na *sunnah* rin matapos magsabi ng *tasleem* sa lahat ng limang *salah* na *fard*. Pagkatapos magsabi ng *tasleem* ay sasabihin ang mga *dhikr* na ito:

*Sila ang mga taong nangunguna sa sambayanang Muslim na kinabibilangan ng mga sahabah ng Propeta (SAS), mga tagasunod ng mga ito, at ang mga *imam* ng Islam sa unang tatlong siglo ng Islam. Ang katawagang ito ay itintaguri rin sa sinumang ginagawang huwaran ang *salaf*.

astaghfirullaah (3x)

Patawarin mo po ako Allah.

allaahumma antas salaamu wa minkas salaam, tabaarakta yaa dhal jalaali wal ikram

O Allah, Ikaw po ang Walang kapintasan at sa Iyo po nagmumula ang kapayapaan, Ikaw po ay pakabanalin, Ikaw na karapat-dapat sa pagpipitagan at pagpaparangal.

laa ilaaha illaallah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa `alaa kulli shay'in qadeer

Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang nauukol ang pagpupuri. At Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

laa hawla wa laa qoowata illaa billaah

Walang lakas at walang kapangyarihan kundi sa pamamagitan ni Allah.

laa ilaaha illallaah, wa laa na`budu illaa iyyaah, lahun ni`matu wa lahul fadlu wa lahuth thanaa ulhasan, laa ilaaha illallaah,

Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, at wala tayong iba pang sinasamba kundi Siya lamang. Angkin Niya ang pagpapala at angkin din Niya ang biyaya at sa Kanya lamang nauukol ang mainam na papuri. Walang ibang diyos maliban kay Allah, manalangin kayo nang tapat sa Kanya, sa Kanya lamang ang pagtalima, kasuklaman man ito ng mga hindi sumasampalataya.

Allaahumma laa maani`a lima a`tayta, wa laa mu`tiya lima manaa`ta, wa laa yanfa`u dhal jaddi minkal jadd

O Allah, wala pong makapipigil sa Iyong pagkakalooban at wala pong makapagbibigay kapag pinigilan Mo. At hindi po

makapagbibigay ng kapakinabangan sa taong may magandang kapalaran ang magandang kapalaran sapagkat sa Iyo po ito nagsumula.

(Pagkatapos ng mga *dhikr* na nabanggit sa itaas ay bigkasin ang *dhikr* na ito nang sampung beses pagkatapos ng *salah sa fajr* at *maghrib* at isang beses naman pagkatapos ng *salah sa dhuhr*, *'asr*, at *'isha'*.)

Para sa *imam* sa *salah*, *sunnah* na humarap sa mga *ma'moom* pagkatapos sabihin ang *astaghfirullaah* nang tatlong beses at ang *allaahumma antas salaamu wa minkas salaam, tabarakta yaa dhal jalaali wal ikram* bilang pagtulad sa Propeta (SAS). Sa pagharap ng *imam*, maaari siyang humarap ng pakanan o pakaliwa sapagkat kapwa ito ginawa ng Propeta (SAS).

laa ilaaha illallaah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa 'alaa kulli shay'in qadeer.

Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang nauukol ang pagpupuri. Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

Kanais-nais din para sa nagsasagawa ng *salah*, pagkatapos ng bawat *salah* na *fard* at pagkatapos ng *dhikr* na nabanggit, na sabihin ang mga sumusunod:

***subhaanallaah* (3x)**

Kaluwalhatian kay Allah.

***alhamdu lillah* (3x)**

Ang papuri ay nauukol kay Allah.

***Allaahu akbar* (3x)**

Si Allah ay Dakila.

Ang lahat ng ito ay siyamnapu't siyam. Upang maging isandaan lahat ay sasabihin niya ang sumusunod sapagkat naiulat buhat sa Propeta (SAS) na hinihiling niyang bigkasin ito at nasasaad din na ito ay isa sa mga dahilan ng kapatawaran:

laa ilaaha illallaah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa `alaa kulli shay'in qadeer.

Pagkatapos ng lahat ng mga *dhikr* na nabanggit ay *sunnah* din para sa mga nagsasagawa ng *salah* pagkatapos ng bawat *salah* na *fard* na bigkasin ang *ayatul kursee*, *suratul ikhlas*, *suratul falaq*, at *suratun nas*. *Sunnah* na bigkasin nang tigtatatlong beses ang tatlong *surah* na nabanggit (*ikhlas*, *falaq*, at *nas*) pagkatapos ng *salah* sa *maghrib* at *fajr* at bago matulog dahil nabanggit ito sa mga Hadeeth na *saheeh*.

28. Ang maraming mga Muslim sa ngayon ay pabaya sa pagsasagawa ng *salah* sa *jama`ah* at pati na ang ilang mga mag-aaral ng Islam. Ang idinadahilan nila ay may ilang mga pantas ng Islam na diumano ay nagsabing hindi raw ito *fard*. Kaya ano po ang hatol hinggil sa *salah* sa *jama`ah* at ano po ang inyong maipapayo sa mga iyon?

Sagot: Ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas, ang *salah* sa *jama`ah* kasama ng iba pang mga Muslim sa mga Masjid ay hindi mapasusubaliang tungkulin ng bawat lalaking may kakayahan at naririnig ang *adhan*. Ito ay ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "Ang sinumang makarinig ng panawagan ng *salah* ngunit hindi dumalo, wala siyang *salah* maliban na lamang kung may magandang dahilan." Tinanong si Ibnu 'Abbas (RA) kung ano ang magandang dahilan, kaya ang sabi niya: "Takot o karamdamang." Sa isa pang Hadeeth tungkol sa Propeta (SAS) ay isinalaysay ni Abu Hurayrah (RA) na pinuntahan ang Propeta

(SAS) ng isang lalaking bulag at ang sabi: "O Sugo ni Allah, wala po akong gabay na papatnubay sa akin sa pagpunta sa Masjid; kaya mayroon po ba akong kapahintulutan na isagawa ang *salah* sa aking bahay?" Ang sabi ng Propeta (SAS): "**Naririnig mo ba ang panawagan ng salah?**" "Opo," sabi niya. "**Kung gayon ay tugunin mo (ang panawagan),**"*sabi naman niya (SAS). Sa isa pang Hadeeth na nasa Saheehayn ayon pa rin kay Abu Hurayrah (RA), sinabi ng Propeta (SAS): "**Napag-isipan kong mag-utos na simulan ang pagsasagawa ng salah at saka uutusan ko ang isang lalaki na mamuno sa salah at ako ay aalis, kasama ng ilang mga kalalakihan na may dalang mga bigkis ng panggatong, papunta sa mga taong hindi dumadalo sa salah upang aking sunugin ang kanilang mga bahay.**" Ang kahulugan ng lahat ng mga Hadeeth na ito ay nagpapatunay na ang *salah* sa *jama`ah* sa mga Masjid ay *fard* para sa mga kalalakihan at ang sinumang hindi dumalo ay karapat-dapat sa parusa. At kung sakaling ang *salah* sa *jama`ah* sa mga Masjid ay hindi *fard*, hindi sana naging karapat-dapat sa parusa ang hindi dumadalo sa *jama`ah*. Dahil sa itong pagsasagawa ng *salah* sa mga Masjid ay isa sa dakilang gawaing panlabas sa Islam, isa sa mga dahilan ng pagkakila-kilala ng mga Muslim, pinagmumulan ng pag-ibig at pagmamahalan, nag-aalis ng sama ng loob, at sapagkat ang hindi pagdalo sa *salah* sa *jama`ah* ay paggaya sa mga taong nagpapanggap na Muslim; kailangang mag-ingat na hindi makadalo sa *salah* sa *jama`ah*. Hindi nararapat na bigyang pansin ang sumasalungat sa pagiging *fard* ng *salah* sapagkat ang lahat ng salitang sumasalungat sa mga patunay ng *Sharee`ah* ay kailangang iwaksi at hindi gagawing batayan. Ito ay ayon sa sinabi ni Allah: "*Kapag may isang bagay kayong pinagtalunan, isangguni ninyo ito kay Allah at sa Sugo kung talagang*

*Isagawa mo ang *salah* sa Masjid.

naniniwala kayo kay Allah at sa kabilang buhay. Iyan ang mainam at pinakaangkop na huling pasya." (4:59) Ang sabi pa Niya: "*Ang anumang bagay na hindi ninyo mapagkasunduan, ang hatol nito ay kay Allah.*" (42:10) Sa isang Hadeeth na nasa Saheehayn, ang sabi ni Abdullah bin Mas'ood (RA): "*Nasaksihan namin na walang nagpapahuli sa pagdalo sa salah sa jama'ah kundi ang nagpapanggap na Muslim o ang may-karamdaman. At kahit ang taong nanghihina ay dinadala sa Masjid. Inaalalayan ng dalawang lalaki hanggang sa mailagay sa hanay ng salah.*" Walang duda na ito ay nagpapatunay sa pagpapahalaga ng mga *sahabah* (RA) sa *salah* sa *jama'ah* sa Masjid at sa marubdob nilang hangarin na makadalo rito anupa't kung magkaminsan ay may hinahatid silang lalaking may-karamdaman na inaalalayan ng dalawang lalaki hanggang sa mailagay sa hanay ng *salah*. Iyon ay nagpapakita lamang kung gaano karubdob ang kanilang hangad na makadalo sa *salah sa jama'ah* -- kahabagan silang lahat ni Allah. Si Allah ang tagapagpatnubay.

29. Nagkakaiba ang mga pananaw ng mga pantas hinggil sa pagbigkas ng *ma'moom* ng *suratul fatihah* sa likod ng *imam*; ano po ang tama rito? Ang *ma'moom* po ba ay kailangang bumigkas ng *suratul fatihah*? At kailan po ba niya maaaring bigkasin ang *suratul fatihah* kung ang *imam* ay hindi tumitigil sa pagbigkas? *Sunnah* po ba para sa *imam* na tumahimik nang ilang sandali matapos na bigkasin ang *suratul fatihah* nang sa gayon ay mabigkas naman ito ng *ma'moom*?

Sagot: Ang wasto ay kailangang bigkasin ng *ma'moom* ang *suratul fatihah* sa lahat ng limang *sard* na *salah* ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "**Walang salah ang hindi bumigkas ng suratul fatihah.**" Ang sabi pa niya (SAS) sa kanyang mga *sahabah* (RA): "**"Sana ay bumibigkas kayo sa likod ng inyong imam.**" Ang sabi

naman nila: "Opo." Ang sabi naman niya (SAS): "**Huwag kayong bumigkas ng iba pa maliban sa *suratul fatihah*; sapagkat walang salah ang hindi bumigkas ng *suratul fatihah*.**"

Ang pagbigkas ng *suratul fatihah* ay *sunnah* habang nananahimik ang *imam*. Kung hindi tumitigil sa pagbigkas ang *imam*, bibigkasin ng *ma'moom* ang *suratul fatihah* kahit na bumibigkas din ang *imam*. At itong pagbigkas ng *suratul fatihah* kahit na bumibigkas din ang *imam* ay hindi saklaw ng mga patunay na nagpapatunay na kailangang tumahimik kapag nagbabasa ang *imam*. Subalit kung sakaling nakalimutan ng *ma'moom* na bigkasin ang *suratul fatihah* o hindi ginawa dahil di-alam na ito ay kailangan o dahil sa paniniwalang hindi ito *fard*, wala siyang pagkakamali at sapat na para sa kanya ang pagbigkas ng *imam* ayon sa pahayag ng nakararaming mga pantas. Ganoon din naman kung dumating siya habang ang *imam* ay nakayukod, yuyukod din siyang kasama nito at sapat na sa kanya ang pagyukod na ito. Hindi na rin niya kailangang bigkasin ang *suratul fatihah* dahil hindi niya ito naabutan. Sa isang Hadeeth na isinalaysay ni Abu Bakrah Ath-Thaqafi (RA), sinabi rito na siya ay pumunta sa Propeta habang ito ay nakayukod kaya yumukod na rin siya nang wala sa hanay at saka lamang pumasok sa hanay pagkatapos yumukod. Pagkatapos ng Propeta (SAS) na magsabi ng *tasleem*, siya ay sinabihan nito (SAS): "**Nawa'y pag-ibayuhin ni Allah ang marubdob mong hangaring gumawa ng mabuti. Ngunit huwag mo nang ulin.**" Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheeh Al-Bukhari. Hindi siya inutusan ng Propeta (SAS) na ulin ang *rak'ah* (na naabutan niya at yumukod nang wala sa hanay). Ang ibig sabihin ng sinabi ng Propeta (SAS) na: "**Huwag mo nang ulin**" ay huwag mo nang ulin ang pagyukod nang wala sa hanay. Dahil dito ay nalaman na ang *sunnah* para sa isang pumasok sa Masjid, habang ang *imam* ay ay nakayukod, ay huwag yumukod sa likod ng hanay. Sa halip,

kailangang maghintay hanggang sa makarating sa hanay kahit na hindi niya mahabol ang pagyukod. Ito ay ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): **"Kapag kayo ay pupunta sa salah, maglakad ng mahinahon. Ang anumang maabutan ninyo sa salah ay isagawa ninyo at kumpletuhin ninyo ang natitirang hindi ninyo nagawa."**

Tungkol naman sa Hadeeth na nagsasabing: **"Ang sinumang may imam, ang pagbigkas nito ay pagbigkas niya rin."**, ito ay isang Hadeeth na *da'eef* -- hindi ginagamit na patunay ng mga pantas. At kahit maging *saheeh* man ang Hadeeth na ito, ang *suratul fatiha* ay hindi sasaklawan nito nang sa gayon ay tumugma ito sa iba pang mga Hadeeth.

Tungkol naman sa pananahimik pagkatapos ng *suratul fatiha*, wala akong alam na Hadeeth na *saheeh* tungkol dito. Sa puntong ito ay maluwag kung nanaisin ni Allah. Kaya kung sinuman ang hihinto at mananahimik ng ilang sandali pagkatapos ng *suratul fatiha*, walang masama; at kung sino man ang ayaw gawin ito, wala ring masama sapagkat hindi napatunayang ito ay ginawa ng Propeta (SAS), ayon sa aking pagkakaalam. Ang napatunayang ginawa ng Propeta (SAS) ay ang dalawang pananahimik: ang una ay pagkatapos ng *takbeeratul ihram** at habang nananahimik ay *sunnah* na bigkas nang tahimik ang *istiftah*;** at ang ikalawa ay pagkatapos bumigkas ng talata sa Qur'an at bago yumukod. Ang ikalawang pananahimik ay dagliang pananahimik na naghihiwalay sa pagbigkas ng talata sa Qur'an at sa *takbeer*.

30. Nasasaad sa Hadeeth na pinbabawalang lumapit sa Masjid ang sinumang kumain ng sibuyas o bawang.*** Saklaw rin ba ng

* Ito ang kauna-unahang pagsabi ng *allaahu akbar* sa *salah*.

** Ang *du'a'* na: *subhaanakal laahumma wa bihamdika wa tabaarakasmuka wa ta'aalaa jadduka wa laa ilaaha ghayruk*.

*** Dahil ang taong kumain nito ay nangangamoy.

pagbabawal na ito ang may masamang amoy buhat sa isang bagay na ipinagbabawal gaya ng sigarilyo? At nangangahulugan bang ang sinumang gumamit ng mga bagay na ito ay may dahilang hindi dumalo sa *salah sa jama`ah* at hindi magkakasala sa di-pagdalo?

Sagot: Napatunayang sinabi ng Sugo (SAS) na: "Ang sinumang kumain ng bawang o sibuyas ay huwag lalapit sa ating Masjid at sa bahay na lamang siya magsagawa ng *salah*." Napatunayan din na sinabi niya (SAS) na: "Ang mga anghel ay nayayamot din ng nakayayamot sa mga tao." At ang lahat ng may masamang amoy ay itinuturing na parang kumain ng bawang o sibuyas gaya halimbawa ng naninigarilyo, may amoy sa kilikili at iba pang nakakapinsala sa kanyang katabi. *Makrooh* para sa kanya na magsagawa ng *salah* kasama ng *jama`ah*. Iyon ay ipinagbabawal hanggang sa hindi siya gumagamit ng pang-alis sa amoy na ito. Kailangang gawin niya iyon sa abot ng makakaya nang sa gayon ay maisagawa niya ang ang kanyang tungkulin kay Allah na magsagawa ng *salah* sa *jama`ah*. Ang paninigarilyo ay ipinagbabawal at kailangang iwaksi ito sa lahat ng oras yaman din lamang na ito ay may maraming masamang naidudulot sa relihiyon, sa katawan, at sa pera.

Nawa'y pabutihin ni Allah ang kalagayan ng mga Muslim at patnubayan sila sa lahat ng mabuti.

31. Sisimulan po ba ang hanay ng *salah* sa kanan ng *imam* o sa likuran niya mismo? *Sunnah* po bang magkasindami ang bilang sa kanan at kaliwa? Anupa't sinasabing pagpantayin ang haba ng hanay (sa kanan at kaliwa) gaya ng sinasabi ng maraming *imam*.

Sagot: Ang hanay ay sisimulan sa gitna buhat sa likod ng *imam*. Ang kanan ng bawat hanay ay mas mainam kaysa kaliwa nito. Kailangang huwag magsimulang gumawa ng isa pang hanay

hanggang hindi nakukumpleto ang naunang hanay. Walang masama kung mas marami ang mga tao sa kanan ng hanay. At hindi kailangang pagpantayin ang bilang (ng kanan at kaliwang bahagi ng hanay), datapuwat ang pag-uutos ng ganito ay salungat sa *sunnah*. Subalit hindi gagawa ng ikalawang hanay hangga't hindi nabubuo ang unang hanay at hindi gagawa ng ikatlong hanay hanggang hindi nabubuo ang ikalawa at ganoon din sa nalalabi pang mga hanay sapagkat napatunayang ganoon ang ipinag-utos ng Propeta (SAS).

32. Ano po ang masasabi ninyo sa *mustarid* (taong nagsagawa ng *salah* na *fard*) na ang ginawang *imam* ay ang *mutanaffil* (taong nagsasagawa ng *salah* na *sunnah*)?

Sagot: Walang masama kung ang gagawing *imam* ng *mustarid* ang *mutanaffil* sapagkat napatunayang sa ilang uri ng *salatul khawf** ay nagsagawa ang Propeta (SAS) ng *salah* na dalawang *rak'ah* bilang *imam* ng isang pangkat at saka sinabi ang *tasleem*. Pagkatapos nito ay nagsagawa uli siya ng *salah* na dalawang *rak'ah* bilang *imam* ng isa pang pangkat at saka sinabi ang *tasleem*. Ang una niyang *salah* ay *fard* at ang ikalawa ay *sunnah* ngunit ang mga *ma'moom* ng dalawang pangkat ay mga *mustarid* lahat. Napatunayan din sa Hadeeth na isinalaysay ni Mu'adh bin Jabal (RA) na siya ay nagsagawa ng *salah* sa 'isha' kasama ng Propeta (SAS) at pagkatapos ay umuuwi siya sa kanyang mga kanayon upang maging *imam* nila sa *salah*. Ang *salah* na isinagawa niya ay *sunnah* at ang sa kanila naman ay *fard*. Katulad din ito ng sa buwan ng Ramadan. Kung sakaling dumating sa Masjid ang isang tao

*Ito ang tawag sa limang *salah* na *fard* sa panahon na ang mga nagsasagawa nito ay nasa larangan ng digmaan. Ang *salatul khawf* ay nangangahulugang *salah* sa panahon ng pangarba o takot. Sa *salah* na ito, ang mga *salah* na binubuo ng apat na *rak'ah* ay pinapaiksi sa dalawang *rak'ah*.

samantalang ang mga tao roon ay nagsasagawa ng *salah* na *taraweeh** at siya naman ay hindi pa nakapagsagawa ng *salah* sa 'isha', sa ganitong pagkakataon ay sasabay siya sa kanila upang isagawa ang 'isha' nang sa gayon ay matamo niya ang biyaya sa pagsasagawa ng *salah* sa *jama'ah*. Kapag nagsabi ng *tasleem* ang *imam*, tatayo siya upang kumpletuhin ang kanyang *salah*.

33. Ano ang hatol sa *salah* ng taong mag-isang nagsasagawa ng *salah* sa likod ng hanay? Kapag dumating at hindi nakakita ng lugar sa hanay, ano ang gagawin? Kapag nakakita ng batang wala pa sa wastong gulang, maaari ba siyang gumawa ng bagong hanay kasama nito?

Sagot: Walang saysay ang *salah* na ginawang mag-isa (walang katabi) sa likod ng hanay. Ito ay ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "**Walang *salah* ang mag-isang nagsagawa ng *salah* sa likod ng hanay.**" At dahil napatunayang inatasan ng Propeta (SAS) ang mag-isang nagsagawa ng *salah* sa likod ng hanay na ultiin ang *salah* at hindi niya ito tinanong kung may nakitang puwang sa hanay o wala, ito ay nagpapatunay lamang na walang pinagkaiba ang may nakitang puwang sa hanay at ang walang nakitang puwang upang magkaroon ng dahilan na mag-isang magsagawa ng *salah* sa likod ng hanay. Subalit kung may dumating na hindi nakaabot sa umpsisa ng *salah* samantalang ang *imam* ay nakayukod at siya ay yumukod nang wala sa hanay at saka pumasok sa hanay bago nagpatirapa, sapat na iyon para sa kanya. Ito ay ayon sa Hadeeth na isinalaysay ni Abu Bakrah Ath-Thaqafi (RA). Ayon sa kanyang sanaysay, dumating siya sa *salah* samantalang ang Propeta (SAS) ay nakayukod kaya yumukod siya nang wala sa hanay at pagkatapos

*Isang uri ng *salah* na *sunnah* na isinasagawa sa buwan ng Ramadan pagkatapos ng *salah* sa 'isha'.

nito ay pumasok sa hanay. Pagkatapos ng *salah* ay sinabi sa kanya ng Propeta (SAS): "Nawa'y pag-ibayuhin ni Allah ang marubdob mong hangarin na gumawa ng kabutihan. Ngunit huwag mo nang ulitin.*" Hindi siya inutasan ng Propeta (SAS) na magsagawa ng isa pang *rak'ah*.

Ang dumating naman habang ang *imam* ay nagsasagawa na ng *salah* at hindi nakakita ng puwang sa hanay ay maghihintay hanggang sa makakita ng makakasama sa hanay kahit na isang batang pitong taong gulang lamang o higit pa o pupunta sa harap at tatabi sa kanan ng *imam*. Gagawin ito upang masunod ang nasasaad sa mga Hadeeth.

Patnubayan ni Allah ang mga Muslim upang maunawaan ang relihiyon at upang maging masigasig dito. Tunay na Siya ay dumidinig sa panalangin, malapit sa mga mananampalataya.

34. Sa pagiging *imam* sa *salah*, ang *neeyah* bang maging *imam* ay isa sa mga kondisyon (bago magsagawa ng *salah*)? Kapag pumasok ang isang lalaki sa Masjid at may nakita siyang nagsasagawa ng *salah*, gagawin ba niya itong *imam* niya sa *salah*? Ipinahihintulot bang gawing *imam* ang *masbooq*?**

Sagot: Sa pagiging *imam* sa *salah*, ang *neeyah* ay isa sa mga kondisyon ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "Ang halaga ng gawa ay nakabatay sa layunin (*neeyah*) at ang bawat tao ay gagantimpalaan ayon sa kanyang nilayon." Kapag pumasok ang isang lalaki sa Masjid at hindi na niya naabutan ang *salah* sa *jama'ah* ngunit nakakita siya ng mag-isang nagsasagawa ng *salah*, walang masama kung sumabay siya rito at gawin itong *imam* niya sa *salah* sapagkat ito ang pinakamainam ayon sa sinabi ng Propeta

*Huwag mo nang ulitin na yumukod nang labas sa hanay.

**Ang *masbooq* ay ang taong nahuli sa paglahok sa *salah* sa *jama'ah*.

(SAS) nang may nakita siyang isang lalaking pumasok sa Masjid matapos na naisagawa na ng mga tao ang *salah*: "Wala bang lalaking magbibigay ng kawanggawa sa lalaking ito sa pamamagitan ng pagsasagawa muli ng *salah* kasama nito?" Sa ganitong paraan ay kapwa natamo ng dalawa ang biyaya ng *salah* sa *jama`ah*. Sa panig ng nakapagsagawa na ng *salah*, ang *salah* na ito ay *sunnah* na lamang.

Si Mu`adh bin Jabal (RA) ay nagsasagawa noon ng *salah* na *'isha'* kasama ng Propeta (SAS). Pagkatapos nito ay umuuwi siya sa kanyang mga kanayon at magsasagawa uli ng *salah* bilang kanilang *imam*. Ang *salah* na isinagawa niya kasama nila ay *sunnah* at ang sa kanila naman ay *fard*. Ang ginagawa niyang ito ay sinang-ayunan ng Propeta (SAS).

Walang masama kung ang *masbooq* ay gawing *imam* ng isang taong hindi nakaabot sa *salah* sa Jam'ah sa paghahangad niyang magtamo ng pagpapala ng *salah* sa *jama`ah*. At kapag nakumpleto na ng *masbooq* ang kanyang *salah*, tatayo ang hindi pa nakakumpleto ng *salah* upang kumpletuhin ito. Ito ang pangkalahatang patakaran sa lahat ng *salah* na *fard*. Batay ito sa sinabi ng Propeta (SAS) kay Abu Dharr (RA) nang sinabi nito sa kanya na may darating na mga prinsipe na ipinapahuli ang pagsasagawa ng *salah* sa takdang oras nito. Ang sabi niya (SAS) rito: "Isagawa mo ang *salah* sa takdang oras nito. Subalit kung maabutan mo (na isinasagawa nila) ito, isagawa mo (uli ito) kasama nila. Ito ay magiging *salah* na *sunnah* para sa iyo. At huwah mong sabihing, 'Nakapagsagawa na ako ng *salah* kaya hindi na ako muling magsasagawa.'" Si Allah ang Tagapagpatnubay.

35. Ang mga *rak`ah* bang maaabutan ng *masbooq* kasama ng *imam* ay itinuturing na simula ng kanyang *salah* o katapusan nito? At

kung halimbawang hindi niya naabutan ang unang dalawang *rak`ah* sa *salah* na binubuo ng apat na *rak`ah*, kailangan pa bang siya ay bumigkas ng talata sa Qur'an pagkatapos ng *suratul fatihah* sa huling dalawang *rak`ah*?

Sagot: Ang tama ay itinuturing na simula ng *salah* ng *masbooq* ang anumang maaabutan niya kasama ng *imam* at ang natitirang kukumpletuhin ay siyang katapusan nito. Saklaw nito ang lahat ng *salah* na *fard* batay sa sinabi ng Propeta (SAS): "Kapag kayo ay pupunta sa *salah*, maglakad ng mahinahon. Ang anumang maaabutan ninyo sa *salah* ay isagawa ninyo at kumpletuhin ninyo ang natitirang hindi ninyo nagawa." Dahil doon, kanais-nais na ang ikatlo at ikaapat na *rak`ah* ng *salah* na binubuo ng apat na *rak`ah* at ang ikatlong *rak`ah* ng *salah* sa *maghrib* ay lilimitahan sa pagbigkas ng *suratul fatihah*. Ito ay nasasaad sa Hadeeth na isinalaysay ni Abu Qatadah (RA). Ang sabi niya: "Binibigkas ng Propeta (SAS) ang *suratul fatihah* at isang *surah* sa unang dalawang *rak`ah* ng *dhuhr* at *asr*. Pinahahaba niya ang pagbigkas sa unang *rak`ah* at pinaiikli sa ikalawang *rak`ah*. At ang binibigkas niya sa dalawang huling *rak`ah* ay *suratul fatihah* lamang." Kung magbabasa ng talata ng Qur'an karagdagan sa *suratul fatihah* sa ikatlo at ikaapat na *rak`ah* ng *dhuhr*, ito ay mabuti batay sa Hadeeth na nasa Saheeh Muslim na isinalaysay ni Abu Sa`eed (RA). Ang sabi niya: "Ang pagbigkas ng Propeta (SAS) sa unang dalawang *rak`ah* ng *dhuhr* ay kasingtagal ng pagbigkas ng *surah as-sajdah*, sa huling dalawang *rak`ah* ng *dhuhr* ay kasingtagal ng kalahati niyon,* sa unang dalawang *rak`ah* ng *asr* ay kasingtagal ng huling dalawang *rak`ah* ng *dhuhr*, at sa huling dalawang *rak`ah* ng *asr* ay

*Dahil kung minsan ang pagbigkas ng Propeta (SAS) sa huling dalawang *rak`ah* ay kasingtagal ng pagbigkas ng kalahati ng *surah as-sajdah*, ito ay nagpapahiwatis na hindi lamang *suratul fatihah* ang binigkas niya.

kasingtagal ng kalahati ng unang dalawang *rak`ah* ng *asr*." Malamang na ito ay paminsan-minsan lamang isinasagawa ng Propeta (SAS) sa huling dalawang *rak`ah* ng *dhuhr* nang sa gayon ay tumugma ito sa unang Hadeeth na nabanggit.

36. Dahil sa sobrang dami ng mga tao sa ilang mga Masjid na pinagdadausahan ng pagsamba sa araw ng biernes, napupuno ang mga Masjid na ito kaya ang ibang mga tao ay sa mga kalsada at daanan na lamang nagsasagawa ng *salah* kasabay ng *imam*. Ano po ang masasabi ninyo tungkol doon? Mayroon po bang ipinagkaiba kung may kalsada sa pagitan ng mga nagsasagawa ng *salah* at Masjid o walang kalsadang naghihiwalay?

Sagot: Kapag magkarugtong ang mga hanay, walang masama. Ganoon din naman kung ang mga *ma'moom* ay nasa labas ng Masjid ngunit nakikita nila ang mga hanay sa harapan nila o naririnig nila ang pagsasabi ng *allaahu akbar*. At kahit pinaghihiwalay man sila ng ilang mga daanan ay wala ring masama doon dahil mahalaga ang *salah* sa *jama`ah* at nagagawa naman nilang makita ang hanay sa harap at naririnig ang pagsasabi ng *allaahu akbar*. Subalit walang sinuman ang maaaring magsagawa ng *salah* sa harap ng *imam* dahil hindi iyon lugar ng *ma'moom*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

37. Kapag naabutan ng *masbooq* ang *imam* na nakayukod, ano ang dapat niyang gawin sa sandaling iyon? Ang pagsabi ng *subhaana rabbiyal 'adheem* bago maiangat ng *imam* ang kanyang likod ay isa bang kondisyon para sa *masbooq* upang maituring na naabutan niya ang *rak`ah*?

Sagot: Kapag naabutan ng *masbooq* ang *imam* habang ito ay nakayukod, sapat na iyon para maabutan niya ang buong *rak`ah*

kahit nasabi lamang niya ang *subhaana rabbiyal 'adheem* matapos na maiangat ng *imam* ang likod nito dahil ang sabi ng Propeta (SAS): "Ang nakaabot ng isang *rak'ah* sa *salah* ay naabutan ang *salah* (sa *jama'ah*)."^{*} Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheeh Muslim. Nalalaman natin na naaabutan ang *rak'ah* kapag naabutan ang pagyukod (sa *rak'ah* na iyon) ayon sa Hadeeth na nasa Saheeh Al-Bukhari. Ayon sa Hadeeth na ito na isinalaysay ni Abu Bakrah Ath-Thaqafi (RA) ay dumating siya isang araw sa Masjid habang ang Propeta (SAS) ay nakayukod kaya yumukod na rin siya nang wala sa hanay at (pagkatapos ng pagyukod) ay saka lamang pumasok sa hanay. Nang nasabi na ng Propeta (SAS) ang *tasleem* ay sinabi nito sa kanya: "Nawa'y pag-ibayuhin ni Allah ang marubdob mong hangaring gumawa ng mabuti. Ngunit huwag mo nang ulin." Hindi siya nito inutusang ulin ang *rak'ah*. Pinagbawalan lamang siya nito na ulin ang pagyukod nang wala sa hanay. Kaya ang *masbooq* ay huwag magmadali na yumukod hangga't hindi nakapapasok sa hanay. Si Allah ang tagapagpatnubay.

38. May mga *imam* na hinihintay ang dumarating upang maabutan nito ang *rak'ah*. May iba namang nagsasabing hindi dapat maghintay. Ano po ang tama? Patnubayan po kayo ni Allah.

Sagot: *Sunnah* ang maghintay sandali upang makasama sa hanay ang dumarating. Ito ay bilang pagsunod sa ginawa ng Propeta (SAS).

39. Kapag ang isang lalaki ay *imam* sa *salah* na ang *ma'moom* ay dalawang bata o higit pa, ilalagay ba niya sila sa kanyang likod o sa kanyang kanan. Ang pagsapit ba sa wastong gulang ay isang kondisyon upang maaaring makasama sa hanay ang batang lalaki.

* Ang pagyukod nang wala sa hanay.

Sagot: Ang dapat niyang gawin ay ilagay ang mga bata sa kanyang likuran tulad ng mga taong nasa wastong gulang na kapag ang mga batang ito ay sumapit na sa pitong taong gulang o higit pa. Ganoon din naman kung ang mga *ma'moom* ay isang bata at isang taong nasa wastong gulang na, ilalagay din niya sila sa likod. Sapagkat nang ang Propeta (SAS) ay nagsagawa ng *salah* bilang *imam* ni Anas (RA) at ng isang ulilang wala pa sa wastong gulang ay inilagay niya ang dalawang ito sa kanyang likuran. Nangyari ito noong dalawin ng Propeta (SAS) ang lola ni Anas (RA). Ganoon din ang kanyang ginawa kina Jabir at Jabbar na mga taga Madinah nang humanay sila sa kanya, inilagay niya sila sa kanyang likuran. Kung ang kasama ng *imam* sa *salah* ay isang lalaki lamang, ito ay pupuwesto sa kanyang kanan -- nasa wastong gulang man ito o wala -- dahil nang tumayo si Ibnu Abbas sa kaliwa ng Propeta noong ito ay nagsasagawa ng *salatul layl** ay inilagay niya ito sa kanan. Ang isang babae o higit pa ay sa likuran ng mga kalalakihan tatayo at hindi ipinahihintulot na sila (mga babae) ay katabi ng *imam* o mga kalalakihan sapagkat nang magsagawa ng *salah* ang Propeta (SAS) bilang *imam* ni Anas at ng isang ulilang wala pa sa wastong gulang ay inilagay niya si Umm Sulaym na ina ni Anas sa likuran ni Anas at ng ulila.

40. Ang sabi ng iba ay hindi ipinahihintulot na magsagawa ng isa pang *salah* sa *jama'ah* (sa Masjid) pagkatapos na maisagawa ang *salah* sa *jama'ah*; mayroon po bang batayan ito? At ano po ang tama?

Sagot: Ang sabi nilang ito ay hindi tama at wala itong batayan sa *Sharee'ah*, ayon sa aking pagkakaalam. Datapuwa't ang ipinahihiwatig ng mga Hadeeth na *saheeh* ay salungat sa sinasabi

*Isang uri ng *salah* na *sunnah* na isinasagawa sa pagitan ng 'isha' at *fajr*.

nila. Ang sabi ng Sugo (SAS): "Ang *salah sa jama'ah* ay mas mainam ng dalawampu't pitong ulit kaysa sa *salah* na isinagawa ng nag-iisang tao." Ang sabi pa niya (SAS): "Ang *salah* ng lalaki kasama ng isa pang lalaki ay mas mainam kaysa sa *salah* na isinagawa niyang mag-isa." At ang sabi pa niya nang makita niyang pumasok sa Masjid ang isang lalaki matapos na makapagsagawa ng *salah* ang mga tao: "Wala bang lalaking magbibigay ng kawanggawa sa lalaking ito sa pamamagitan ng pagsagawa ng *salah* kasama niya." Gayon pa man, hindi ipinahihintulot sa isang Muslim na magpahuli sa *salah sa jama'ah*. Datapuwa't kailangang dali-dali siyang dadalo sa sandaling marinig niya ang *adhan*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

41. Kapag nasira ang *wudu'* ng *imam* habang nagsasagawa ng *salah*, kukuha ba siya ng isang tao bilang kahalili niya na siyang magpapatuloy sa *salah* bilang *imam* ng mga *ma'moom* o nawalan na ng saysay ang *salah* ng lahat kaya magtatalaga na lamang siya ng isang tao bilang *imam* ng mga *ma'moom* upang ulitin ang *salah* mula sa umpisa?

Sagot: Ang tama ay tungkulin ng *imam* na kumuha ng kahalili niya na siyang kukumpleto sa *salah* kasama ng mga *ma'moom* tulad ng ginawa ni 'Umar (RA) nang siya ay saksakin habang nagsasagawa ng *salah* bilang *imam*, ginawa niyang kahalili si 'Abdurrahman bin 'Awf (RA). Kinumpleto ni 'Abdurrahman bin 'Awf (RA) ang *salah* na *fajr* kasama ng mga *ma'moom*. Kung hindi kumuha ng kahalili ang *imam*, ang isang *ma'moom* sa kanyang likuran ay pupunta sa harap ng mga *ma'moom* para kumpletuhin ang *salah* nila bilang kanilang *imam*. Kung uulitin ang *salah* mula sa umpisa, wala ring masama doon sapagkat sa puntong ito ay magkakaiba ang pahayag ng mga pantas ng Islam. Subalit ang pinakamatimbang na pahayag ay ang magtatalaga ng kahalili bilang

imam upang kumpletuhin ang *salah* batay sa ginawa ni 'Umar (RA) na ating nabanggit na. Sa muli, kung uulitin man nila ang *salah* ay walang masama. Si Allah ang tagapagpatnubay.

42. Naaabutan ba ang *salah* sa *jama`ah* kapag naabutan ang *tasleem* kasama ng *imam* o hindi naaabutan kung hindi nakaabot ng isang *rak`ah*? Kapag dumating ang isang pangkat ng mga tao samantalang ang *imam* ay nakaupo at binibigkas ang huling *tashahhud*, mas mabuti bang sila ay sumabay na sa *imam* o maghintay na ito ay magsabi ng *tasleem* at magsagawa na lamang sila ng panibagong *salah* sa *jama`ah*?

Sagot: Hindi naaabutan ang *salah* sa *jama`ah* kung hindi naabutan ang isang *rak`ah* man lamang ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "Ang nakaabot ng isang *rak`ah* sa *salah* ay naabutan ang *salah*." Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheeh Muslim. Subalit ang sinumang may katanggap-tanggap na dahilan, makakamit pa rin niya ang biyaya ng *salah sa jama`ah* kahit hindi man niya naabutan ang *salah* kasama ng *imam* ayon sa sinabi ng Propeta (SAS) noong siya ay nasa labanan sa Tabuk: "Kapag nagkasakit ang isang Muslim o naglalakbay, itatala ni Allah para sa kanya ang mga ginagawa niya noong siya ay malusog at hindi naglalakbay." Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheeh Al-Bukhari. At ayon pa sa sabi niya (SAS): "May mga tao sa Madinah na wala kayong daan na tinahak at lambak na binagtas na hindi ninyo sila kasama. Ang kanilang katanggap-tanggap na dahilan ang humadlang sa kanila (na mákasama)."^{*} At sa isa pang sanaysay ay ito ang sinabi: "Nakilahok sila sa inyo sa gantimpala." Ang Hadeeth na ito ay nasa Saheehayn.

*Ibig sabihin ay nagtatamo rin sila ng gantimpala bagaman hindi sila nakalahok sa labanan sa Tabuk dahil may maganda silang dahilan kung bakit hindi nakalahok.

Sa oras na maabutan ng isang pangkat ang *imam* habang ito ay bumibigkas ng huling *tashahhud*, mainam na sumabay na sila sa kanya ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): "Kapag kayo ay pupunta sa *salah*, maglakad nang mahinahon. Ang anumang maabutan ninyo sa *salah* ay isagawa ninyo at kumupletuhin ninyo ang hindi ninyo nagawa." At kung magsagawa naman sila ng isa pang *salah* sa *jama`ah* ay wala namang masama.

43. Nagsagawa ng *salah* ang *imam* sa kanyang *jama`ah* ngunit nakalimutan niyang magsagawa ng *wudu*; ano ang hatol sa *salah* na ito ayon sa mga sumusunod na kondisyon:

1. Kapag naalaala niya habang nagsasagawa ng *salah* (na wala pala siyang *wudu*)?
2. Kapag naalaala niya pagkatapos ng *tasleem* bago nagkahiwa-hiwalay ang *jama`ah*?
3. Kapag naalaala niya matapos na nagkahiwa-hiwalay ang *jama`ah*?

Sagot: Kapag naalaala lamang pagkatapos ng *tasleem*, ang *salah* ng *jama`ah* ay tanggap at hindi nila kailangang ultiin ang *salah* subalit kailangang ultiin ng *imam* ang kanyang *salah*. Kung naalaala ng *imam* habang siya ay nagsasagawa ng *salah*, sasabihin niya sa isa sa mga *ma'moom* na ito ang hahalili sa kanya at kukumpleto sa *salah* bilang *imam* ng *jama`ah*. Ito ay ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas batay sa sanaysay tungkol kay 'Umar (RA). Nang siya (RA) ay sinaksak habang nagsasagawa ng *salah* bilang *imam*, itinalaga niya bilang kahaliling *imam* sa *salah* si 'Abdurrahman bin 'Awf (RA). Tinapos naman nito ang *salah* bilang *imam* ng *jama`ah* at hindi na inulit ang *salah*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

44. Ano po ang hatol sa *salah* na pinamunuan ng *imam* na naninigarilyo o nag-aahit ng balabas o nagsusuot ng damit o pantalon na lampas sa bukong-bukong at iba pa?

Sagot: Ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam, ang *salah* niya ay tanggap kapag isinagawa niya ito ayon sa paraang nais ni Allah. Tanggap din ang *salah* ng kanyang mga *ma'moom* ayon sa pinakatumpak na hatol ng mga pantas. Tungkol naman sa di-Muslim, hindi tanggap ang kanyang *salah* at pati na ang *salah* ng kanyang *ma'moom* dahil wala sa kanya ang isang kondisyon upang matanggap ang *salah* at iyon ay ang pagiging Muslim. Si Allah ang tagapagpatnubay.

45. Nalalaman natin na ang puwesto ng *ma'moom* kapag siya ay nag-iisa ay sa kanan ng *imam*. *Sunnah* po ba sa *ma'moom* na umurong ng kaunti gaya ng napupuna sa ilang mga tao?

Sagot: Ang *sunnah* para sa *ma'moom* kapag siya ay nag-iisa ay tumayo sa kanan ng *imam* kapantay nito. At walang batayan sa *Sharee'ah* na nagpapahiwatig sa salungat nito. Si Allah ang tagapagpatnubay.

46. Kapag nag-aalinlangan ang nagsasagawa ng *salah* kung siya ba ay nagsagawa ng tatlo o apat na *rak'ah*; ano ang kanyang gagawin?

Sagot: Kapag nag-aalinlangan (sa kung ilang *rak'ah* ang naisagawa), kailangang bumatay sa kung ano ang tiyak: ang pinakakaunting bilang ng *rak'ah*. Ituturing na nakagawa ng tatlong *rak'ah*, isasagawa ang ikaapat na *rak'ah*, at ang *sujudus sahw** bago

*Ang *sujudus sahw* ay dalawang karagdagang *sujud* (pagpapatirapa) na ginagawa bago o matapos magsagawa ng *tasleem* kapag **nagkamali** o **nagdudang nagkamali**.

magsabi ng *tasleem*. Ito ay batay sa sinabi ng Propeta (SAS): "Kapag nag-alinlangan ang sinuman sa inyo sa kanyang *salah* anupa't hindi niya malaman kung ang kanyang natapos sa *salah* ay tatro o apat na *rak'ah*, isantabi niya ang kanyang pag-aalinlangan at bumatay sa kung ano ang natitiyak niya at pagkatapos ay magpatirapa nang dalawang *rak'ah* (*sujudus sahw*) bago magsabi ng *tasleem*. Kung ang nagawa niyang *salah* ay limang *rak'ah* ang *sujudus sahw* ang magwawasto sa kanyang *salah*. At kung ang nagawa niyang *salah* ay kumpleto, ang *sujudus sahw* ay panghihiya sa demonyo." Ang Hadeeth na ito na nasa Saheeh Muslim ay isinalaysay ni Sa'eed Al-Khudri. Kung nangibabaw sa kanyang palagay ang isa sa dalawa: kulang o kumpletong *rak'ah*, ang pagbabatayan niya ay ang kanyang palagay na nangingibabaw. Pagkatapos sabihin ang *tasleem* ay saka magpapatirapa ng dalawang beses (*sujudus sahw*) at muling magsasabi ng *tasleem*. Ito ay batay sa sinabi ng Propeta (SAS): "Kapag nag-aalinlangan ang sinuman sa inyo sa kanyang *salah*, magpunyagi siyang alamin ang tama at kumpletuhin ang *salah* at pagkatapos ay sabihin niya ang *tasleem* at saka magpatirapa nang dalawang beses (*sujudus sahw*)."¹ Ang Hadeeth na ito na nasa Saheeh Al-Bukhari ay isinalaysay ni ibnu Mas'ood (RA).

47. May mga *imam* na nagsasagawa ng *sujudus sahw* pagkatapos ng *tasleem* at may ibang nagsasagawa ng *sujudus sahw* bago magsabi ng *tasleem* at ang iba pa ay nagsasagawa ng *sujudus sahw* bago at matapos magsabi ng *tasleem*. Kailan po kailangang magsagawa ng *sujudus sahw* bago magsabi ng *tasleem*? At kailan kailangang magsagawa ng *sujudus sahw* pagkatapos ng *tasleem*? Ang *sujudus sahw* pagkatapos bago o matapos magsabi ng *tasleem* ay *sard* ba o *mustahabb*?

Sagot: Ang *sujudus sahw* bago at matapos magsabi ng *tasleem* ay kapwa ipinahihintulot sapagkat ito ang isinasaad sa mga Hadeeth buhat sa Propeta (SAS). Subalit ang *sujudus sahw* ay lalong mainam bago magsabi ng *tasleem* maliban sa dalawang pagkakataon:

1. Kapag nagsabi ng *tasleem* ngunit kulang ng isang *rak'ah* o higit pa ang *salah*, ang lalong mainam ay isagawa ang *sujudus sahw* matapos na makumpleto ang *salah* at makapagsabi ng *tasleem*. Ito ay bilang pagsunod sa Propeta (SAS) sapagkat noong nagsabi siya ng *tasleem* nang ang kanyang *salah* ay kulang ng dalawang *rak'ah* -- ayon sa Hadeeth na isinalaysay ni Abu Hurayrah (RA) -- at nang ang kanyang *salah* ay kulang ng isang *rak'ah* -- ayon sa Hadeeth na isinalaysay ni Imran bin Husayn (RA) -- ay nagsagawa siya ng *sujudus sahw* matapos makumpleto ang *salah* at magsabi ng *tasleem*.
2. Kapag nag-alinlangan sa *salah* anupa't hindi malaman kung ang natapos na *rak'ah* ay tatlo ba o apat sa *salah* na binubuo ng apat na *rak'ah*, o dalawa ba o tatlo sa *maghrib*, o isa ba o dalawa sa *fajr* ngunit ang nangingibabaw sa kanyang palagay ay ang isa sa dalawa, kulang o sapat na bilang ng *rak'ah*, ang pagbabatayan niya ay ang nangingibabaw niyang palagay. Ang kanyang *sujudus sahw* ay pagkatapos ng *tasleem* na siyang pinakamainam ayon sa Hadeeth na isinalaysay ni Ibnu Mas'ood na nabanggit sa sagot sa tanong bilang 46. Si Allah ang tagapagpatnubay.
48. Kapag nagkamali ang *masbooq*, magsasagawa ba siya ng *sujudus sahw*? At kailan niya ito isasagawa? Kailangan pa bang magsagawa ng *sujudus sahw* ang *ma'moom* kapag siya ay ay nagkamali?

Sagot: Hindi kailangan ng *ma'moom* na magsagawa ng *sujudus sahw* kapag siya ay nagkamali at tungkulin niyang sumunod sa kanyang *imam* kapag siya ay sumabay rito mula sa umpsisa ng *salah*.

Ang *masbooq* naman ay magsasagawa ng *sujudus sahw* kapag siya ay nagkamali noong kasama ng kanyang *imam*. Magsasagawa rin siya ng *sujudus sahw* kapag nakumpleto na niya ang *salah* kung nagkamali siya noong kinukumpleto pa lamang niya ang *salah* batay sa detalyeng nabanggit sa sagot sa mga tanong bilang 46 at 47. Si Allah ang tagapagpatnubay.

49. *Fard* ba ang pagsasagawa ng *sujudus sahw* para sa mga sumusunod:

1. Kapag bumigkas ng anumang talata ng Qur'an pagkatapos ng *suratul fatihah* sa dalawang huling *rak'ah* ng *salah* na binubuo ng apat na *rak'ah*?
2. Kapag bumigkas ng anumang talata ng Qur'an habang nakapatirapa o nagsabi halimbawa ng *subhaana rabbiyal 'adheem* sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa?
3. Kapag binigkas nang malakas ang *salah* na binibagkas nang tahimik (*dhuhr* at *'asr*) at binigkas ng tahimik ang *salah* na binibigkas nang malakas (*maghrib*, *'isha'*, at *fajr*)?

Sagot: Kapag nakalimot at hindi sinasadyang nakabigkas ng isa o higit pang *ayah* o *surah* sa dalawang huling *rak'ah* ng *salah* na binubuo ng apat na *rak'ah* o sa isa sa dalawang huling *rak'ah*, hindi na kailangang magsagawa ng *sujudus sahw* sapagkat napatunayang may Hadeeth buhat sa Propeta (SAS) na nagpapahiwatig na bumigkas siya ng talata buhat sa Qur'an karagdagan sa *suratul fatihah* sa ikatlo at ikaapat na *rak'ah* ng *dhuhr*. Napatunayan din na pinuri ng Propeta (SAS) ang isang prinsipe na binibigkas sa lahat ng *rak'ah* ng *salah* nito ang *suratul ikhlas* pagkatapos ng *suratul fatihah*. Subalit ang nakagawian ng Propeta (SAS) ay hindi siya bumibigkas sa ikatlo at ikaapat na *rak'ah* ng anumang talata buhat sa Qur'an maliban sa *suratul fatihah* tulad ng nasasaad sa Hadeeth na nasa Saheeh Al-Bukhari at Saheeh Muslim na isinalaysay ni Abu

Qatadah (RA). Napatunayang binigkas ni Abu Bakr As-Siddeeq (RA) sa ikatlong *rak`ah* ng *salah* na *maghrib* pagkatapos ng *suratul fatihah* ang talata ng Qur'an na nasa *surah Al Imran*:8. Ito ay nagpapatunay na maaari ring bumigkas ng anumang talata buhat sa Qur'an pagkatapos ng *suratul fatihah* sa Ikatlong *rak`ah* ng *salah* sa *maghrib*.

Ang sinumang magkamaling bumigkas ng anumang talata buhat sa Qur'an habang nakayukod o nakapatirapa ay magsasagawa ng *sujudus sahw* sapagkat hindi ipinahihintulot sa kanya na sadyang bumigkas ng anumang talata buhat sa Qur'an habang nakayukod o nakapatirapa dahil ipinagbawal iyon ng Propeta (SAS). Kaya kapag nagkamaling bumigkas ng anumang talata buhat sa Qur'an, kailangang magsagawa ng *sujudus sahw*. At ganoon din kapag nagkamali habang nakayukod at sinabi ang *subhaana rabbiyal a`laa* sa halip na *subhaana rabbiyal `adheem* o nagkamali habang nakapatirapa at sinabi ang *subhaana rabbiyal `adheem* sa halip na *subhaana rabbiyal a`la*, kailangan ding magsagawa ng *sujudus sahw* sapagkat nakaligtaan gawin ang dapat gawin. Kung nagkamaling naipagsama ang pagbigkas ng *subhaana rabbiyal `adheem* at *subhaana rabbiyal a`laa* sa pagyukod o pagpapatirapa, hindi kailangang magsagawa ng *sujudus sahw*. Kung magsasagawa man ng *sujudus sahw*, wala ring masama. Saklaw ng nabanggit ang *imam*, ang *munfarid* (mag-isang nagsasagawa ng *salah*), at ang *masbooq*.

Ang *ma'moom* na kasama na ng *imam* sa simula pa lamang ng *salah* ay hindi kailangang magsagawa ng *sujudus sahw* kung magkamali man siya. Kailangan lamang niyang sumunod sa kanyang *imam*. Ganoon din naman kung nilakasan niya ang pagbigkas ng *salah* na hindi nilalakasan ang pagbigkas o binigkas nang tahimik ang *salah* na binibigkas nang malakas, hindi kailangang magsagawa ng *sujudus sahw* sapagkat ipinaririnig noon

kung magkaminsan ng Sugo (SAS) sa salah *jama`ah* ang pagbigkas ng talata sa Qur'an sa salah na binibigkas nang tahimik. Si Allah ang tagapagpatnubay.

50. May mga nag-aakala na ang pagsasama at ang pagpapaikli ng salah ay laging magkasabay anupa't walang pagsasama nang walang pagpapaikli at walang pagpapaikli nang walang pagsasama. Ano po ang masasabi ninyo rito? Ang lalo po bang mainam para sa *musafir* ay ang pagpapaikli nang walang pagsasama o pagsasama at pagpapaikli ng salah?

Sagot: Ang batas ng pagpapaikli ng salah ay ginawa ni Allah para sa *musafir*. Ipinahihintulot din para sa *musafir* na pagsamahin ang salah pero hindi nangangahulugan na ang dalawang ito (pagsasama at pagpapaikli ng salah) ay laging magkasama. Kaya maaaring paikliin ang salah at hindi pagsamahin kung ang isang *musafir* ay pansamantalang tumitigil sa isang bayan o hindi dumadalaw lamang. Mas mainam na hindi na pagsamahin ang salah tulad ng ginawa ng Propeta (SAS) sa Mina noong isinagawa niya ang kanyang *hajj* ng pamamaalam, pinaikli niya ang salah ngunit hindi ipinagsama. Sa labanan sa Tabuk ay pinagsabay niya ang pagpapaikli at pagsasama ng salah kaya ito ay nagpapakita lamang (na maaaring pagsabayin o di-pagsabayin ang pagpapaikli at pagsasama ng salah). Pinaiikli at pinagsasama ng Propeta (SAS) ang kanyang salah kapag tuloy-tuloy ang kanyang paglalakbay.

Tungkol naman sa pagsasama ng salah, mas malawak ang saklaw nito sapagkat ito ay ipinahihintulot sa may karamdamang. Kapag may malakas na ulan (at mahirap ang pumunta sa Masjid) ay ipinahihintulot din na pagsamahin ang pagsasagawa ng mga salah sa Masjid. Sa pagsasama ng mga salah, ang ipinagsasama ay ang *dhuhr* at ang *asr* o ang *maghrib* at ang *'isha'*. Hindi ipinahihintulot sa kanila na paikliin ang mga nabanggit na salah sapagkat ang

pagpapaikli ay para lamang sa *musafir*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

51. Kapag dumating ang oras ng *salah* samantalang hindi pa naglalakbay ang isang tao at pagkatapos ay naglakbay siya bago naisagawa ang *salah*; may karapatan ba siyang paikliin at pagsamahin ang *salah* o wala? Kapag isinagawa niya halimbawa ang *dhuhr* at *asr*, pinaikli niya at pinagsama ang mga ito, at pagkatapos nito'y nakarating siya sa kanyang bayan sa oras ng *asr*; ang ginawa ba niyang iyon ay tanggap kung nang sandaling pinaiikli at pinagsasama niya ang *salah* ay nalalaman niyang siya ay darating sa kanyang bayan sa oras ng ikalawang *salah* (*asr*)?

Sagot: Kapag ang isang nagbabalak maglakbay ay dinatnan ng oras ng *salah* samantalang siya ay nasa kanyang bayan pa at pagkatapos ay umalis bago nagsagawa ng *salah*, pinahihintulutan siyang paikliin ang *salah* kapag ang nilisan niya ay ang bahagi ng bayan na pinaninirahan ng mga tao. Ito ay ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas ng Islam. Kapag pinagsama at pinaikli ang *salah* (halimbawa'y ang *dhuhr* at *asr*) habang nasa paglalakbay at pagkatapos ay dumating sa sariling bayan bago dumating ang oras ng ikalawang *salah* (*asr* ayon sa ating halimbawa) o sa oras mismo ng ikalawang *salah*, hindi kailangang ultiin ang *salah* dahil naisagawa na ang *salah* sa paraang tama. Kung isagawa man niya muli ang ikalawang *salah* kasama ng *jama'ah*, ang *salah* na ito ay *sunnah* na. Si Allah ang tagapagpatnubay.

52. Mayroon po bang itinakdang layo ang isang paglalakbay upang mapahintulutang paikliin ang *salah*?

Sagot: Ang marami sa mga pantas ng Islam ay naniniwalang ang itinakdang layo ng pupuntahan ay ang layo ng isang gabi at isang

araw na pangkaraniwang paglalakad ng kamelyo o tao o mga 80 kilometro. Ang ganitong layo (o higit pa) ay itinuturing na paglalakbay ayon sa nakagawian at ang mababa pa rito ay hindi.

53. Ano po ang tingin ninyo sa pagsasama ng *salah* na *maghrib* at *'isha'* kapag may ulan sa sandaling hindi naglalakbay at naninirahan sa mga lungsod na ang mga lansangan ay patag, aspaltado o sementado, at naiilawan yaman din lamang na walang hirap (ang pagpunta sa Masjid) at walang putik ang daan.

Sagot: Walang masama sa pagsasama ng *maghrib* at *'isha'* o *dhuhr* at *'asr*, ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas, kapag may ulan at mahirap ang pagpunta sa mga Masjid. Ganoon din naman kung madulas at binabaha ang mga daan dahil ang mga ito ay nagpapahirap sa pagpunta sa Masjid. Ang batayan nito ay ang nasasaad sa Saheehayn buhat sa salaysay ni Ibnu 'Abbas (RA). Ayon sa salaysay, ipinagsama ng Propeta (SAS) ang *dhuhr* at ang *'asr*, at ang *maghrib* at *'isha'* sa Madinah. Sa nasasaad sa Saheeh Muslim ay binanggit na ginawa ng Sugo (SAS) ang gayon hindi dahil sa may pinangangambahang bagay o dahil may ulan o siya (SAS) ay nasa paglalakbay. Ipinakikita sa Hadeeth na ito na matibay na pinaniniwalaan ng mga Sahabah (RA) na ang pangamba at ang ulan ay katanggap-tanggap na dahilan sa pagsasama ng *salah* tulad ng paglalakbay. Subalit sa sitwasyong ito ay hindi ipinahihintulot na paikliin ang *salah*. Ang ipinahihintulot lamang ay ang pagsasama ng *salah* sapagkat sila ay nananatili sa kanilang lugar at hindi mga *musafir*. Ang pagpapaikli ng *salah* ay laan lamang sa mga *musafir*.

54. Ang *neeyah* ay isa bang kondisyon upang mapahintulutang pagsamahin ang *salah*? Madalas kasing isagawa ang *salah* sa *maghrib* nang walang *neeyah* na pagsamahin ito at ang *'isha'*

ngunit pagkatapos maisagawa ang *maghrib* ay nagsasanggunian ang *jama'ah* at kapag napag-kaisahan nilang isama ang *'isha'* sa *maghrib*, isasagawa kaagad nila ang *'isha'*.

Sagot: Nagkakaiba ang mga pahayag ng mga pantas tungkol dito ngunit ang matimbang na pahayag ay hindi isang kondisyon ang *neeyah* sa pagsisimula ng unang *salah* (salah sa *maghrib*). Sa halip ay ipinahihintulot na isama ang ikalawang *salah* kapag lumitaw ang kondisyon na nagpapahintulot na pagsamahin ang *salah* gaya ng takot, karamdaman, at ulan. Si Allah ang tagapagpatnubay.

55. Kailangan bang tuloy-tuloy ang pagsasagawa ng dalawang *salah* kapag ang mga ito ay ipinagsama.

Sagot: Ang *fard* sa pagsasama na *taqdeem** ay ang tuloy-tuloy na pagsagawa ng dalawang *salah* at walang masama kung may mamagitang maikling sandali sa dalawang *salah* sapagkat ganito ang nakagawian ng Propeta (SAS). Ang sabi ng Propeta (SAS): "Isagawa ninyo ang *salah* kung papaano ninyo nakitang isinagawa ko ang *salah*." Sa pagsasama na *ta'kheer*** ay hindi kailangang tuloy-tuloy ang dalawang *salah* ngunit kung isasagawa ang dalawang *salah* nang tuloy-tuloy ay mas lalong mainam sapagkat ganito ang ginagawa ng Propeta (SAS). Si Allah ang tagapagpatnubay.

56. Kapag kami ay naglalakbay at napadaan sa isang Masjid sa oras ng *dhuhr* -- halimbawa -- kanais-nais ba para sa amin na magsagawa ng *salah* sa *dhuhr* kasama ng *jama'ah* (sa Masjid na

* Ang *taqdeem* ay ang magkasunod na pagsasagawa ng *dhuhr* at *'asr* sa oras ng *dhuhr* at ng *maghrib* at *'isha'* sa oras ng *maghrib*.

** Ang *ta'kheer* ay ang magkasunod na pagsasagawa ng *dhuhr* at *'asr* sa oras ng *'asr* at ng *maghrib* at *'isha'* sa oras ng *'isha'*.

iyon) at pagkatapos ay isasagawa namin ang pinaikling 'asr o isagawa na lamang namin ang *salah* (na hindi kasabay ng *jama'ah*)? At kapag nagsagawa kami ng *salah* kasama ng *jama'ah* (sa Masjid na iyon) at pagkatapos nito ay gusto naming magsagawa ng 'asr, tatayo ba kami pagkatapos ng *tasleem* upang isagawa agad ang 'asr o bibigkas muna kami ng mga *dhikr* at saka magsagawa ng 'asr?

Sagot: Ang mas mainam sa inyo ay magsagawa kayo ng *salah* nang kayo-kayo lamang sapagkat ang *sunnah* para sa *musafir* ay paikliin ang *salah* na binubuo ng apat na *rak'ah*. Kung magsasagawa kayo ng *salah* kasama ng *jama'ah* na di-naglalakbay, kailangang kumpletuhin ninyo ang *salah* (hindi paikliin) tulad ng nasasaad sa Hadeeth. Kung gusto ninyong pagsamahin ang *salah*, kailangang gawin kaagad ninyo iyon bilang pagsunod sa *sunnah* tulad ng nabanggit sa sagot sa tanong bilang 55 pagkatapos magsabi ng tatlong *astaghfirullaah* at isang *allaahumma antas salaam, wa minkas salaam, tabarakta ya dhal jalaali wal ikraam*. Subalit kung ang naglalakbay ay nag-iisa, kailangang magsagawa siya ng *salah* kasama ng *jama'ah* na di-naglalakbay at kukumpletuhin niya ang *salah* (hindi paiksiin). Ito ang dapat niyang gawin sapagkat ang *salah* sa *jama'ah* ay isa sa mga *fard* at ang pagpapaiksi ng *salah* ay isang kanais-nais na bagay lamang. Ang *fard* ay kailangang bigyan ng mas malaking pagpapahalaga kaysa kanais-nais na bagay lamang. Si Allah ang tagapagpatnubay.

57. Ano po ang hatol sa *salah* ng di-*musafir* na ang kanyang *imam* ay isang *musafir* o ang kabaligtaran nito? May karapatan ba ang *musafir* sa pagkakataong ito, kung siya ang *imam* o *ma'moom*, na paikliin ang *salah*.

Sagot: Ang *salah* ng *musafir* na ang *imam* ay *di-musafir* o ang *salah* ng *di-musafir* na ang *imam* ay *musafir* ay kapwa tanggap. Subalit kung ang *ma'moom* ay ang *musafir* at ang *imam* ay ang *di-musafir*, tungkulin ng *ma'moom* (na *musafir*) na sundin ang kanyang *imam* (na *di-musafir*) (kaya hindi niya paikliin ang *salah*). Ayon ito sa Hadeeth na isinalaysay ni Ibnu Abbas (RA). Sa Hadeeth na ito ay nailutat na siya ay tinanong tungkol sa apat na *rak'ah* na *salah* na isinagawa ng *musafir* kasama ng *imam* na *di-musafir*. Sinabi niyang iyon ay tama. Kung nagsagawa ng *salah* na binubuo ng apat na *rak'ah* ang *di-musafir* at ang kanyang *imam* ay *musafir*, kukumpletuhin niya ang kanyang *salah* kapag nagsabi ng *tasleem* ang kanyang *imam* na *musafir*.

58. Maaaring mangyari na sa pagsasama ng *maghrib* at 'isha' "dahil may ulan" ay may (mga) tao na darating samantalang ang *imam* ay nagsasagawa ng *salah* sa 'isha'. Sasabay siya (o sila) sa *imam* dahil sa pag-aakalang ito ay nagsasagawa ng *maghrib*; ano po ang dapat niyang (o nilang) gawin?

Sagot: Kailangang maupo sila kapag natapos na nila ang ikatlong *rak'ah*, bigkasin ang *tashahhud*, at magsabi ng *tasleem* kapag nagsabi ang *imam* ng *tasleem*. Pagkatapos niyon ay isasagawa nila ang 'isha' upang matamo ang pagpapala ng *salah* sa *jama'ah* at upang masunod ang pagkasunod-sunod ng *salah*. Kung nang sumabay sila sa *imam* ay nang natapos na ang isang *rak'ah*, kasama ng *imam* ay isasagawa nila ang natitira sa *salah* kalakip ang *neeyah* na *salah* sa *maghrib* ang siyang isinasagawa. Kung nang sumabay sila ay mahigit na sa isang *rak'ah* ang natapos, isasagawa nila kasabay ng *imam* ang naabutan nila sa *salah* at isasagawa nila ang natitirang *rak'ah*. Ganoon din naman kung sakaling nalaman nila na ang isinagawa ng *imam* ay 'isha', sasabay sila sa kanya ngunit ang kanilang *neeyah* ay ang magsagawa ng *maghrib*.

Gagawin nila ang nabanggit na natin at saka isagawa ang 'isha' pagkatapos niyon. Ito ang pinakatumpak na pahayag ng mga pantas.

59. Isasagawa po ba ng isang *musafir* ang mga *salah* na?

Sagot: Ang *sunnah* para sa *musafir* ay huwag isagawa ang mga *salah* na *sunnah* sa *dhuhr*, *maghrib*, at 'isha' subalit isasagawa ang *sunnah* sa *fajr* bilang pagsunod sa Propeta (SAS). *Sunnah* din na

isagawa ang *tahajjud* at ang *witr*⁽¹⁾ sa gabi, habang naglalakbay sapagkat ginagawa iyon ng Propeta (SAS). Gayon din ang iba't ibang *salah* na *sunnah* gaya ng *salatud duha* ⁽²⁾, *sunnatul wudu'*⁽³⁾, *salatul kasoof* ⁽⁴⁾, *sujudut tilawah* ⁽⁵⁾, at *salah tahiyyatil masjid*⁽⁶⁾ kapag papasok sa Masjid upang magsagawa ng *salah* o maging ano pa man ang dahilan.

60. Kailang pa ang *wudu'* bago magsagawa ng *sujudut tilawah*? Magsasabi pa ba ng *allaahu akbar* kapag magpapatirapa at kapag

1. Ang dalawang *salah* na *sunnah* na ito ay karaniwang isinasagawa pagkatapos ng 'isha' bago sumapit ang oras ng *fajr*. Ang dalawang ito ay kapwa binubuo ng isa o tatlo o lima o pito o siyam o labing-isang *rak'ah*. Ang ipinagkaiba nga lamang ng dalawang ito ay isinasagawa ang *tahajjud* kapag nagising sa gabi bago sumapit ang *fajr* samantalang ang *witr* ay isinasagawa naman bago matulog.

2. Ang *salah* na ito ay katulad ng pangkaraniwang *salah* na *sunnah* at isinasagawa matapos na sumikat ang araw.

3. Ito ay dalawang *rak'ah* na *salah* na isinasagawang katulad ng pangkaraniwang *salah* na *sunnah* pagkatapos magsagawa ng *wudu'*.

4. Isinasagawa ang *salah* na ito kapag may ekklipse.

5. Ito ay dalawang pagpapatirapa na gaya ng *sujudus sahw* na isinasagawa kapag may nabasa sa Qur'an na isang *ayah* na nag-utos na magpatirapa. Maaaring isagawa ito habang nagbabasa ng Qur'an o nagsasagawa ng *salah*.

6. Ang kahulugan ng *salah tahiyyatil masjid* ay ang *salah* ng pagbati sa Masjid. Ang pagsagawa nito ay walang ipinagkaiba sa pangkaraniwang *salah* na *sunnah*.

mag-aangat ng ulo buhat sa pagpapatirapa kung ang *sujudut tilawah* ay nangyari habang nagsasagawa ng *salah* o habang nagbabasa ng Qur'an? Ano ang sasabihin sa *sujudut tilawah*? Ang mga *du'a'* bang binibigkas dito ay buhat sa Hadeeth na *saheeh*? Kailangan pa bang magsabi ng *tasleem* kung nagsagawa ng *sujudut tilawah* habang nagbabasa ng Qur'an?

Sagot: Ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas, hindi na kailangan ang *wudu'* sa *sujudut tilawah*. At sa pag-aangat ng ulo buhat sa pagpapatirapa ay hindi na kailangang magsabi ng *allaahu akbar* ayon pa rin sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas. Ngunit kailangang sabihin ang *allaahu akbar* kapag magpapatirapa sapagkat ito ang ipinahihiwatig sa isang Hadeeth na isinalaysay ni Ibnu 'Umar (RA). Kapag isinagawa ang *sujudut tilawah* habang nagsasagawa ng *salah*, kailangang magsabi ng *allaahu akbar* kapag magpapatirapa at mag-aaangat ng ulo buhat sa pagpapatirapa sapagkat ginawa ito ng Propeta (SAS) sa lahat ng *salah*. Nasasaad sa Saheeh Al-Bukhari na sinabi niya (SAS): "Isagawa ninyo ang *salah* kung papaano ninyo nakitang isinagawa ko ang *salah*." Sunnah na bumigkas ng mga *du'a'* at *dhikr* na angkop para sa *sujudut tilawah* gaya ng: *allaahumma laka sajattu wa bika aamantu wa laka aslamtu, sajada wajhee lilladhee khalaqahu wa sawwarahu wa shaqqa sam'ahu wa basrahu bihawlihi wa qoowatihi, tabaarakallaahu ahsanul khaliqeen*. Ang *du'a'* na ito na matatagpuan sa Saheeh Muslim na isinalaysay ni Ali (RA) ay binibigkas ng Propeta (SAS) sa *sujudut tilawah*. Ang sinasabi kapag nakapatirapa sa *salah* ay siyang ring sinasabi sa *sujudut tilawah*. Nasasaad sa isang Hadeeth na binibigkas ng Propeta (SAS) sa *sujudut tilawah* ang panalanging ito: *allaahum maktub lee bihaa 'indaka ajran, wamhu 'annee bihaa wizra, waj'alhaa lee 'indaka dhukhra, wa taqabbalhaa minnee kama taqabbaltaha min 'abdika daawuda 'alayhis salaam*. Ngunit ang *fard* na sabihin sa *sujudut*

tilawah ay: *subhaana rabbiyal a'laa* na siya ring *fard* sabihin kapag nakapatirapa sa *salah*. Ang ano mang *dhikr* o *du'a'* na idadadagdag dito ay kanais-nais. Ang *sujudut tilawah* habang nagsasagawa ng *salah* o habang nagbabasa ng Qur'an ay *sunnah* at hindi *fard* sapagkat ito ang ipinahihiwatig sa Hadeeth na isinalaysay ni Zayd bin Thabit (RA) at ito rin ang ipinahihiwatig sa Hadeeth na isinalaysay naman ni 'Umar (RA). Si Allah ang tagapagpatnubay.

61. Maaaring maganap ang *solar eclipse* (eklipse sa araw) pagkatapos ng 'asr; kaya isasagawa rin ba ang *salatul kasoof* pagkatapos ng 'asr samantalang bawal magsagawa ng *salah* pagkatapos ng 'asr. At maaari bang isagawa ang *salah tahiyyatil masjid* sa oras na bawal isagawa ang *salah*?

Sagot: Sa dalawang usaping ito ay may pagkakaiba ang mga pahayag ng mga pantas ngunit ang tama ay ipinahihintulot ang pagsasagawa ng *salahtul kasoof* at *salah tahiyyatil masjid*. Dapat gawin ang dalawang *salah* na ito sapagkat ang mga *salah* na ito ay mga *salah* na isinasagawa sanhi ng mga kadahilanan. Ipinahihintulot ang pagsasagawa ng mga *salah* na ito sa oras na ipinagbabawal ang pagsasagawa ng *salah*, pagkatapos ng 'asr at fajr, kung papaanong ang mga ito ay ipinahihintulot sa iba pang mga oras. Ito ay batay sa sinabi ng Propeta (SAS): "Tunay na ang araw at ang buwan ay dalawang tanda sa mga tanda ni Allah. Hindi naglalaho ang mga ito dahil sa pagkamatay o pagkasilang ng isang tao. Kapag nakakita kayo ng eklipse, magsagawa kayo ng *salah* at manalangin hanggang sa matapos ang eklipse." Ang Hadeeth na ito ay matatagpuan sa Saheeh Al-Bukhari at Saheeh Muslim. Ang sabi pa niya (SAS): "Kapag pumasok ang sinuman sa inyo sa Masjid, huwag siyang umupo hangga't hindi nakakapagsagawa ng dalawang *rak'ah* na *salah*." Ganoon din ang dalawang *rak'ah* na *salah* na *sunnah* na isinasagawa matapos

isagawa ng *tawaf*, kailangan pa ring isagawa ang *salah* na ito kahit tapos na ang *salah* sa *fajr* o *asr* nang matapos ang pagsasagawa ng *tawaf*. Batay ito sa sinabi ng Propeta (SAS) na: "O angkan ni Abd Manaf* huwag ninyong pagbawalan ang sinuman na magsagawa ng *tawaf* sa Bahay na ito (Ka'bah) at magsagawa ng *salah* sa anumang oras na kanyang naisin, sa gabi man o araw." Ang Hadeeth na ito ay isinalaysay ni Jubayr bin Mut'im (RA). Si Allah ang tagapagpatnubay.

62. Ano po ang hatol sa sabay-sabay na pagbigkas ng mga *dhikr* pagkatapos ng *salah* tulad ng ginagawa ng ib?. Ang *sunnah* po ba ay bigkasin nang may tunog ang *dhikr* o bigkasin nang mahina?

Sagot: Ang *sunnah* ay ang pagbigkas sa *dhikr* nang may tunog pagkatapos na pagkatapos ng *salah* na *fard* at *salatul jum'ah* (*salah* sa araw ng pagsamba tuwing Biyernes) pagkatapos magsabi ng *tasleem*. Sapagkat nasasaad sa Saheeh Al-Bukhari at Saheeh Muslim na isinalaysay ni Ibnu 'Abbas (RA) na noong kapanahunan ng Propeta (SAS) ay itinataas ang boses sa pagbigkas ng *dhikr* kapag natapos na ang mga tao sa pagsasagawa ng *salah* na *fard*. Ang sabi pa ni Ibnu 'Abbas (RA): "Nalalaman ko kapag natapos na nila ang *salah* – kapag narinig ko ang pagbigkas ng *dhikr*."

Ang sabay-sabay na pagbigkas ng *dhikr*, anupa't nais ng bawat isa na sabayan ang pagbigkas ng iba mula sa simula hanggang sa katapanan, at ang paggaya nito ay walang batayan. Ito ay isang *bid'ah*.** Ang nararapat ay kanya-kanyang bigkasin ng lahat ang *dhikr* para kay Allah sa simula hanggang sa katapanan. Si Allah ang tagapagpatnubay.

* Isa sa pangalan ng angkan ni Propeta Muhammad (SAS)

** Ang ano mang gawain o paniniwala na hindi aral ng Islam na ipinasok sa Islam at sinasabing ito ay sa Islam.

63. Kapag nakalimot ang isang tao at nakapagsalita habang nagsasagawa ng *salah*, nawawalan ba ng saysay ang kanyang *salah*?

Sagot: Kapag nakapagsalita ang isang Muslim habang nagsasagawa ng *salah*, dahil nakalimot o dahil hindi alam na bawal ang magsalita habang nagsasagawa ng *salah*, hindi nawawalan ng saysay ang kanyang *salah* maging iyon man ay *fard* o *sunnah*. Batay ito sa panalanging itinuro ni Allah: "*O Panginoon namin, huwag Mo pa kaming parusahan kung kami ay makalimot o magkamali.*" (2:286)

Nasasaad sa Hadeeth na ang tugon ni Allah sa panalanging ito ay: "**Ginawa Ko na.**" Nasasaad sa Saheeh Muslim na si Mu`awiyah bin Al-Hakam As-Salami (RA) ay nagsabi ng *yarhamukallaah* sa isang bumahin habang sila ay nagsasagawa ng *salah* dahil hindi niya alam ang alituntuning bawal ang magsalita kapag nagsasagawa ng *salah*. Dahil doon ay pinuna siya ng mga nakapalibot sa pamamagitan ng pagsenyas. Kaya tinanong niya ang Propeta (SAS) hinggil doon. Hindi siya inutusan ng Propeta (SAS) na ulinang *salah* dahil ang nakalimot ay katulad ng walang nalalaman. Nang minsang makalimot ang Propeta (SAS) at nakapagsalita siya habang siya ay nagsasagawa ng *salah* ay hindi niya inulit ang *salah*. Sa halip ay kinumpleto niya ang *salah* tulad ng nasasaad sa Saheehayn na isinalaysay ni Abu Hurayrah (RA) at sa Saheeh Muslim na isinalaysay naman ni Ibnu Mas`ood (RA) at 'Imran bin Husayn (RA). Walang masama sa pagsesenyas habang nagsasagawa ng *salah* kapag tinatawag ng pangangailangan. Si Allah ang tagapagpatnubay.

Blg.

Mga Nilalaman

Ph.

1.	Ang hatol sa <i>salah</i> ng nagsagawa ng <i>salah</i> nang walang anumang nakapatong sa kanyang balikat	3
2.	Ang hatol sa taong nagsagawa ng <i>salah</i> nang hindi nakaharap sa <i>qiblah</i> matapos na siya ay nagsikap na ito ay hanapin	3
3.	Ang hatol sa pagbigkas ng <i>neeyah</i> kapag magsasagawa ng <i>salah</i>	4
4.	Tanong tungkol sa pagsasagawa ng <i>salah</i> sa <i>Hijr Isma'eel</i>	4
5.	Tanong tungkol sa ipinagkaiba ng dugo ng regla sa <i>istihadah</i>	5
6.	Tanong tungkol sa pagsasagawa ng <i>salah</i> na hindi naisagawa at kung ang pagkasunod-sunod ng <i>salah</i> ay isang kondisyon	7
7.	Tanong tungkol sa bahagi ng katawan ng babae na maaaring ilabas kapag nagsasagawa ng <i>salah</i>	7
8.	Tanong kung kailangang isagawa ang <i>salah</i> sa <i>dhuhr</i> o <i>maghrib</i> kapag tumigil ang regla sa oras ng <i>salah</i> sa <i>'asr</i> o <i>'isha'</i>	8
9.	Tanong tungkol sa hatol sa pagpapahuli ng maraming manggagawa sa pagsasagawa ng <i>salah</i> sa takdang mga oras na ito	9
10.	Tanong tungkol sa pag-uulit ng <i>salah</i> matapos magsabi ng <i>tasleem</i> kapag may nakitang najaah sa damit	10
11.	Ang hatol sa huminto sa pagsagawa ng <i>salah</i> o sa nagpapabaya sa pagsagawa nito at ang tungkulin ng Muslim sa taong gumagawa nito	11
12.	Tanong tungkol sa kung isasagawa pa ng nawalan ng malay sanhi ng mga aksidente sa sasakyan ang mga <i>salah</i> na hindi niya naisagawa	15
13.	Ang hatol sa pagpapaliban ng <i>salah</i> ng mga may-	16

karamdaranan	
14. Ang hatol sa sadyang huminto sa pagsasagawa ng <i>salah</i>	17
15. Tanong tungkol sa pagtawag ng <i>adhan</i> pagkatapos ng oras nito at sa tungkuling tumawag ng <i>adhan</i> sa ilang	18
16. Tanong kung ipinahihintulot sa mga kababaihan ang pagtawag ng <i>adhan</i> at <i>iqamah</i>	19
17. Tanong kung tanggap ang <i>salah</i> kapag nagsagawa ang isang tao o ang isang <i>jama'ah</i> ng <i>salah</i> nang walang <i>iqamah</i>	20
18. Tanong sa kung ano ang hatol sa pagsagawa ng <i>salah</i> sa harap ng <i>sutrah</i> at kung maaari bang gawing <i>sutrah</i> ang guhit?	20
19. Tanong tungkol sa pagpatong ng kanang kamay sa kaliwang kamay habang nagsasagawa ng <i>salah</i>	22
20. Tanong tungkol sa <i>jalsatul istirahah</i> at kung kanino ito nararapat	23
21. Tanong kung papaanong isasagawa ang <i>salah</i> sa eroplano	23
22. Tanong tungkol sa walang kabuluhang kilos habang nagsasagawa ng <i>salah</i> at payo sa sinumang gumagawa nito	24
23. Tanong tungkol sa kung ang paglapag ng mga tuhod bago ang mga kamay kapag magpapatirapa ay mas mainam o ang kabaliktaran nito	26
24. Ang hatol sa pag-ehem at pag-iyak habang nagsasagawa ng <i>salah</i>	27
25. Ang hatol sa pakikipagkamay pagkatapos ng <i>salah</i>	27
26. Tanong tungkol sa pagpapalit ng lugar upang magsagawa ng <i>salah</i> na <i>sunnah</i> pagkatapos ng <i>salah</i>	29
27. Tanong tungkol sa pagiging <i>saheeh</i> ng Hadeeth na humihimok na bigkasin ang " <i>laa ilaaha illallaah wahdahu laa shareeka . . .</i> " pagkatapos ng <i>fajr</i> at <i>maghrib</i>	29

28.	Ang hatol sa pagpapabaya sa pagsasagawa ng <i>salah</i> sa <i>jama'ah</i> at ang pagpapabula sa ilang mga maling akala tungkol dito	32
29.	Tanong tungkol sa pagbabasa ng <i>ma'moom</i> ng <i>suratul fatihah</i> sa likod <i>imam</i> at kung kailan niya ito babasahin	34
30.	Tanong tungkol sa kung ang paninigarilyo at ang kahit anong bagay na may masamang amoy ay itinuturing na parang pagkain na rin ng sibuyas o bawang sa pagbabawal ng lumapit sa Masjid	36
31.	Tanong tungkol sa kung saan banda sa likuran ng <i>imam</i> sisimulan ang hanay ng <i>salah</i>	37
32.	Ang hatol sa nagsasagawa ng <i>salah</i> na <i>fard</i> sa likod ng nagsasagawa ng <i>salah</i> na <i>sunnah</i>	38
33.	Tanong tungkol sa <i>salah</i> ng <i>munfarid</i> (mag-isang nagsasagawa ng <i>salah</i>) sa likuran ng hanay	39
34.	Tanong tungkol sa kung ang <i>neeyah</i> ay isang kondisyon sa pamumuno sa <i>salah</i> at hatol sa pamumuno sa <i>salah</i> ng isang <i>masbooq</i>	40
35.	Tanong tungkol sa kung ang naabutan ng <i>masbooq</i> kasama ng <i>imam</i> ay itinuturing na umpsisa ng kanyang <i>salah</i> o katapusan nito	41
36.	Ang hatol sa pagsasagawa ng <i>salah</i> sa labas ng Masjid kapag napuno na ito	43
37.	Tanong tungkol sa kung papaano ang paghahabol sa <i>salah</i>	43
38.	Tanong kung nararapat hintayin ng <i>imam</i> ang pumapasok upang maabutan nito ang <i>rak'ah</i> o hindi	44
39.	Tanong tungkol sa kung papaanong ipupuwesto ang mga bata sa <i>salah</i> at kung ang pagsapit sa wastong gulang ay kondisyon upang makasama sa hanay ang bata	44
40.	Ang hatol sa pagsasagawa ng isa pang <i>salah</i> sa <i>jama'ah</i> matapos na maisagawa ang unang <i>salah</i> sa	45

jama'ah

41.	Tanong tungkol sa kung ano ang dapat gawin kapag nasira ang <i>wudu'</i> ng <i>imam</i>	46
42.	Tanong kung papaanong naaabutan ang <i>jama'ah</i>	47
43.	Ang hatol sa <i>salah</i> sa <i>jama'ah</i> na pinamunuan ng <i>imam</i> na nakalimot magsagawa ng <i>wudu'</i>	48
44.	Ang hatol sa pamumuno sa <i>salah</i> ng taong hayagang gumagawa ng mga maliit na kasalanan gaya ng paninigarilyo	49
45.	Tanong tungkol sa puwesto ng <i>ma'moom</i> kasama ng <i>imam</i> kapag ang <i>ma'moom</i> ay nag-iisa	49
46.	Tanong kung ano ang gagawin kapag nagduda ang nagsasagawa ng <i>salah</i> kung siya ba ay nakapagsagawa ng 3 o 4 <i>rak'ah</i>	49
47.	Tanong tungkol sa <i>sujudus sahw</i> kung magpapatirapa ba pagkatapos magsagawa ng <i>tasleem</i> o bago magsagawa nito	50
48.	Tanong tungkol sa <i>sujudus sahw</i> ng <i>masbooq</i> at <i>ma'moom</i>	51
49.	Tanong tungkol sa <i>sujudus sahw</i> sa ilang mga pangyayari	52
50.	Tanong tungkol sa kung ang pagsasama at pagpapaikli ng <i>salah</i> ay laging magkasama, kung ang lalong mainam para sa <i>musafir</i> ay ang pagpapaikli nang walang pagsasama ng mga <i>salah</i> o ang kapwa pagsasasama at pagpapaikli	54
51.	Tanong tungkol sa kung kailan may karapatan ang <i>musafir</i> na pagsamahin at paikliin ang <i>salah</i>	55
52.	Tanong tungkol sa kung gaano kalayo ang kailangang lakbayin upang mapahintulutan ang pagpapaikli ng <i>salah</i>	55
53.	Tanong tungkol sa kung ano ang hatol sa pagsasama ng <i>maghrib</i> at <i>'isha'</i> kapag may ulan sa panahong hindi naglalakbay	56

54. Tanong tungkol sa kung ang *neeyah* ba ay isang kondisyon para mapahintulutan ang pagsasama ng *salah*? 56

55. Tanong tungkol sa kung ang tuloy-tuloy na pagsasagawa ng 2 *salah* ay isang kondisyon sa pagsasama ng *salah* 57

56. Tanong tungkol sa kung ang *musafir* na napadaan sa isang Masjid sa oras ng *dhuhr* ay magsasagawa ng *salah* na *dhuhr* kasama ng *jama'ah* at pagkatapos nito ay saka magsagawa ng pinaikling *'asr'* 57

57. Ang hatol sa *salah* ng di-*musafir* sa likuran ng *imam* na *musafir* at kung kailangan pang paikliin ang *salah* ng *musafir* kung siya ay *imam* o *ma'moom* 58

58. Sa pagsasama ng *salah* sa *maghrib* at 'isha' kapag may ulan ay maaaring may isang grupo na darating habang ang *imam* ay nagsasagawa ng 'isha', kapag sumabay ang mga ito sa pag-aakalang *maghrib* ang isinasagawa, ano ang kanilang gagawin kapag nalaman nilang 'isha' pala ang isinasagawa? 59

59. Tanong tungkol sa pagsasagawa ng mga *salah* na *sunnah* habang naglalakbay 60

60. Tanong tungkol sa ilang mga usapin hinggil sa *sujudut tilawah* 60

61. Tanong kung ipinahihintulot ang pagsasagawa ng *salah* para sa *solar eclipse* o *salah tahiyyatil masjid* sa oras na ipinagbabawal ang pagsasagawa ng *salah* 62

62. Tanong tungkol sa kung ano ang hatol sa sabay-sabay na pagbigkas ng *dhikr* at kung ano ang *sunnah*: ang bigkasin ang *dhikr* nang may tunog o bigkasin ng mahina 63

63. Tanong kung nawawalan ng saysay ang *salah* kapag nakalimot ang isang tao at nakapagsalita habang nagsasagawa ng *salah* 64



فتاوی الصلاة

بلغة التجالوج

إعداد

شعبة توعية الجاليات في الزلفي

هذه الطبعة

تمت بإشراف المكاتب التعاونية للدعوة والإرشاد

بالبديعة والصناعية الجديدة



فتاوی الصلاة

بلغة التجالوج

إعداد

شعبة توعية الجاليات في الزلفي

سنة الطبع ١٤١٩

طبع على نفقة أحد المحسنين
غفر الله له ولوالديه ولجميع المسلمين

المكاتب التعاونية للدعوة والإرشاد بالبدعية والصناعية الجديدة
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
ص.ب: ٢٤٩٣٢ الرياض ١١٤٥٦ - البدعية: تلفون ٤٣٣٠٨٨٨ (أربعة خطوط)
الصناعية: تلفون ٤٣٠٣٥٧٢ - فاكس ٤٣٠١١٢٢ المملكة العربية السعودية